
# PINAGKALOOBAN MULA SA KAITASAN



SEMINAR SA PAGHAHANDA SA TEMPLO

# PINAGKALOOBAN MULA SA KAITASAN

SEMINAR SA PAGHAHANDA SA TEMPLO

MANWAL NG GURO

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

© 1995, 2003, ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan
Ikalawang edisyon 2003
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 3/03
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 11/02
Pagsasalin ng *Endowed From On High: Temple Preparation Seminar*
Tagalog

# Mga Nilalaman


Pambungad iv

1. Itinuturo sa Templo ang Dakilang Plano ng Kaligtasan 1
2. Kailangan Tayong Maging Marapat na Pumasok sa Templo 7
3. Ang Gawain sa Templo ay Naghahatid ng mga Dakilang Pagpapala sa Ating Buhay 14
4. Pagtanggap ng mga Ordenansa at Tipan sa Templo 18
5. Pagkatuto mula sa Panginoon sa Pamamagitan ng mga Simbolo 23
6. Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo 29
7. Patuloy na Pagtamasa ng mga Pagpapala sa Pagdalo sa Templo 34

# Pambungad

## LAYUNIN

Ang kursong ito ng tagubilin ay binuo para tulungan ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na maghanda upang tumanggap ng mga rekomend sa templo at makadalo sa templo. Ang mga miyembrong nakadalo na sa templo ay maaari ding dumalo sa klase para maragdagan ang kaalaman tungkol sa templo.

## MGA KASALI

Dapat hangarin ng mga kasali sa kursong ito na magpunta sa templo at maging marapat sa rekomend sa templo. Kung hindi pa sila nakakatanggap ng rekomend, dapat ay naghahanda na silang makatanggap nito.

Kung hindi pa nakadalo ang mga kasali dito sa klase sa Sunday School na tumatalakay sa manwal na *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, inirerekomenda, ngunit di kailangan, na dumalo muna sila roon bago kunin ang kursong ito. Bago kunin ang kursong ito, sapat na dapat ang pang-unawa nila sa mga pangunahing doktrina at alituntunin ng ebanghelyo at handa silang sundin ang mga kautusan ng Diyos, tulad ng batas ng kalinisang-puri, pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath, Word of Wisdom, at batas ng ikapu. Ang pagkamarapat at pagsisikap na maging matwid ay kailangan sa partisipasyon sa mga ordenansa sa templo.

Sa ilalim ng direksyon ng bishop o branch president, maaaring talakayin ng ward o branch council ang mga paraan sa paggamit ng kurso bilang bahagi ng mga pagsisikap nila na palakasin ang mga pamilya at tulungan ang mga lalaki na maghanda sa pagtanggap ng Melchizedek Priesthood.

Bawat kasali ay dapat tumanggap ng personal na imbitasyon na dumalo sa klase mula sa bishop o branch president o iba pang lider ng Melchizedek Priesthood sa ward o branch.

## ORAS AT LUGAR

Maaaring magkaiba-iba ang laki ng mga klase sa kursong ito, ngunit karaniwa'y dapat silang turuan sa maliliit na grupo sa ward o branch. Maaaring turuan ang mga klase sa meetinghouse o sa isang tahanan. Ang lugar, oras, at dalas ng pagtuturo ay dapat maging maluwag para sa mga kasali at sa tagapagturo.

Ang materyal ay nahahati sa pitong aralin. Gayunman, dapat magukol ng sapat na panahon ang guro sa bawat aralin ayon sa pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Maaaring mahigit sa isang pagkikita ng klase ang kailanganin sa bawat aralin.

### MGA MATERYAL SA KLASE

Dapat magkaroon ng kopya ng mga banal na kasulatan ang bawat miyembro ng klase. Bawat isa ay dapat ding magkaroon ng kopya ng buklet na *Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo* (36793 893), na suplemento ng estudyante sa kursong ito. Ito ay madalas banggitin sa kabuuan ng mga aralin, at dapat ipabasa sa mga miyembro ng klase sa mga linggong itinuturo ang kurso.

### MGA TAGAPAGTURO

Maaaring isang tao lamang o kaya'y mag-asawa ang tawagin para ituro ang kursong ito. Dapat ay malakas ang patotoo ng mga guro sa ebanghelyo at sensitibo sila sa mga udyok ng Espiritu. Sila'y dapat na mga miyembrong naendow na at may balidong mga rekomend sa templo at nauunawaan ang kahalagahan at kasagraduhan ng nagaganap sa templo.

Kung maaari, dapat samahan ng mga guro ang mga kasali kapag tatanggapin na nila ang mga ordenansa sa templo.

### MGA MUNGKAHI SA TAGAPAGTURO

Bago pumasok sa templo ang mga miyembro ng Simbahan, dapat silang maging handa sa espirituwal. Bilang bahagi ng paghahandang ito, dapat ay sapat ang pang-unawa nila sa mga doktrinang nauugnay sa plano ng kaligtasan at gawain sa templo. Pribilehiyo ninyong tulungan ang iba sa paghahandang ito, tungo sa isa sa mga pinakasagradong karanasan sa kanilang buhay. Maging sensitibo sa mga udyok ng Espiritu para maituro ninyo ang aralin sa paraang pinakamainam para sa mga kasali. Tandaan ang payo ng Panginoon: "Ang Espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya; at kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu Santo kayo ay hindi magtuturo" (D at T 42:14).

Basahin ang manwal na ito mula simula hanggang wakas bago ituro ang unang aralin para maunawaan ninyo kung paano nagkakaakma ang materyal. Maagang ihanda ang bawat aralin para maunawaan ninyo ang mga ideya at mailahad itong mabuti. Habang itinuturo ninyo ang mga aralin, tiyakin na nauunawaang mabuti ng mga kasali ang mga ideya bago kayo magpatuloy. Huwag madaliin ang mga aralin. Maging matiyaga at hayaang pag-isipan ng mga kasali ang mga mensahe at tumugon sa mga ito.

Bago simulan ang bawat aralin at anumang oras habang nagtuturo, bigyan ang mga miyembro ng klase ng pagkakataon na magtanong at talakayin ang mga ideya. Tulungan silang ipamuhay ang mga alituntuning natututuhan nila. Sagutin ang mga tanong gamit ang mga banal na kasulatan, mga turo ng mga propeta sa mga huling araw, at ang patnubay ng Espiritu ng Panginoon.

Sa kabuuan ng kursong ito, alalahanin ang likas na kasagraduhan ng mga ordenansa sa templo. Tulad ng paliwanag sa sumusunod na pahayag, hindi dapat talakayin sa labas ng templo ang ilang aspeto ng gawain sa templo:

"Hindi natin tinatalakay sa labas ng mga templo ang mga ordenansa sa templo. Kailanma'y hindi nilayong ilimita ang kaalaman sa mga seremonyang ito sa templo sa iilang piling tao na mapipilitang tiyakin na hindi ito malalaman ng iba kailanman. Sa katunayan ay kabaligtaran ito ng nangyayari. Pilit nating hinihimok ang bawat kaluluwa na maging marapat at paghandaan ang karanasan sa templo. . . .

"Ang mga ordenansa at seremonya sa templo ay simple. Magaganda ang mga ito. Banal ang mga ito. Pinananatiling kumpidensyal ang mga ito dahil baka maibigay ang mga ito sa mga hindi handa" (*Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo*, 2).

Sikaping patatagin ang sarili ninyong patotoo tungkol sa templo, at madalas na patotohanan sa inyong klase ang katunayan ng mga alituntuning itinuturo ninyo. Bigyan din ng pagkakataong magpatotoo ang mga miyembro ng klase kung naaangkop.

Laging alalahanin na lubhang mahalaga ang gawain sa templo. Sabi ni Elder Boyd K. Packer: "Ang mga ordenansa at tipan ang mga kredensyal natin para makapasok sa Kanyang kinaroroonan. Ang matanggap ang mga ito nang karapat-dapat ay mithiin sa buhay; ang matupad ang mga ito pagkatapos ay hamon ng buhay" (sa Conference Report, Abr. 1987, 27; *Ensign*, Mayo 1987, 24).

# 1 Itinuturo sa Templo ang Dakilang Plano ng Kaligtasan

*“At ito ang buhay na walang-hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Diyos na tunay, at siyang iyong isinugo, samakatwid baga’y si Jesucristo” (Juan 17:3).*

## LAYUNIN

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na ang plano ng kaligtasan ay itinuturo sa templo.

## PAGHAHANDA

1. Bago mag-klase, maghanda ng drowing sa pisara o poster ng di-kumpletong diagram ng plano ng kaligtasan (tingnan sa pahina 3). (Maaari ninyong gayahin ang di-kumpletong diagram sa isang papel para kumpletuhin ng bawat miyembro ng klase sa oras ng talakayan.)
2. Tiyaking may kopya ng mga banal na kasulatan ang bawat miyembro ng klase. Bigyan din ng kopya ng buklet na *Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo* (36793 893) ang bawat miyembro ng klase. Ang mga ito ay dapat na inorder bilang bahagi ng mga materyal sa klase.
3. Maaari ninyong atasan ang ilang mga miyembro ng klase na tulungan kayo sa ikalawang bahagi ng aralin. Maibibigay ninyo ang mga sangguniang banal na kasulatan na binabanggit sa ilalim ng bawat bahagi ng plano ng kaligtasan (buhay bago isilang, ang Pagkahulog, atbp.) sa isang miyembro ng klase at hilingin sa kanyang pumasok sa klase na handang ibuod ang itinuturo ng mga banal na kasulatang ito tungkol sa plano ng kaligtasan.
4. Kung may makukuhang videocassette na *Phase 1 Video*, maaari ninyong ipalabas ang “Ang Paghahanap ng Tao ng Kaligayahan,” isang 13-minutong yugto.

## PAGLALAHAD NG ARALIN

### Ang Templo ay Espirituwal na Paaralan

Anyayahan ang isang tao na magbigay ng pambungad na panalangin.

Ipaliwanag na gagamitin ang mga banal na kasulatan sa bawat aralin. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na dalhin ang mga banal na kasulatan sa klase.

Mamahagi ng kopya ng *Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo* sa bawat miyembro ng klase. Ipaliwanag na ito ang suplemento ng

estudyante sa kursong ito. Ang materyal sa buklet ay tatalakayin sa kabuuan ng mga aralin, at dapat basahin ng bawat miyembro ng klase ang buklet sa mga linggong ituturo ang kursong ito.

Simulan ang aralin sa pagpapaliwanag na ang templo ay espirituwal na paaralang tumutulong sa atin na madagdagan ang kaalaman tungkol sa layunin ng buhay at plano ng kaligtasan.

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang sumusunod na mga sipi, na nagpapaliwanag sa ilan sa mga natututuhan natin sa templo:

Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley na ang templo "ay nagiging paaralan ng tagubilin sa kalugud-lugod at sagradong mga bagay ukol sa Diyos. Dito'y naibalangkas natin ang plano ng mapagmahal na Ama para sa Kanyang mga anak sa lahat ng henerasyon. Naiguhit natin dito ang walang-hanggang pakikipagsapalaran ng tao mula sa buhay bago ang pagsilang hanggang sa buhay na ito tungo sa kabilang buhay. Lubhang mahahalaga at pangunahing katotohanan ang itinuturo sa malinaw at simpleng paraan na kayang unawain ng lahat ng nakikinig" ("The Salt Lake Temple," *Ensign*, Mar. 1993, 5–6).

Itinuro ni Pangulong Brigham Young na ang ordenansa sa templo na tinatawag na endowment ay nagbibigay sa atin ng tagubiling kailangan para sa buhay na walang hanggan: "Ang inyong endowment ay, ang tanggapin ang lahat ng ordenansang iyon sa bahay ng Panginoon, na kailangan ninyo, sa paglisan ninyo sa buhay na ito, para makabalik kayo sa piling ng Ama" (*Discourses of Brigham Young*, pinili ni John A. Widtsoe [1954], 416).

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Juan 17:3.

• Ano ang itinuturo ng banal na kasulatang ito tungkol sa pinakamahalagang kaalaman na maaari nating makamtan?

Ipaliwanag na sa templo, marami pa tayong natututuhan tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, at mas napapalapit tayo sa Kanila. Natututuhan natin ang plano Nila para sa atin, na binabanggit sa mga banal na kasulatan sa iba't ibang pamagat, tulad ng plano ng pagtubos o plano ng kaligtasan.

*"At susubukin natin sila upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos" (Abraham 3:25).*

• Ano ang nakatulong sa inyo na malaman ang plano ng kaligtasan sa inyong buhay sa ngayon?


• Paano pinagpala ang inyong buhay ng pag-unawa ninyo sa plano ng kaligtasan?

### Sa Templo ay Itinuturo sa Atin ang Plano ng Kaligtasan

Ipaliwanag na bilang bahagi ng endowment ay itinuturo ang plano ng kaligtasan. Ang bahaging ito ng aralin ay tutulong sa mga miyembro ng klase na maghanda para maunawaan ang mga turong ito sa templo.

Bumaling sa di-kumpletong drowing sa pisara at rebyuhin ang sumusunod na impormasyon, gamit ang mga banal na kasulatan upang tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang mga ideya. Habang tinatalakay ang mga banal na kasulatan, isulat ang mga ito sa angkop na mga linya sa tsart (tingnan ang kumpletong tsart sa pahina 6). Kung may sariling kopya ng tsart ang mga miyembro, ipadagdag sa kanilang mga tsart ang binanggit na mga banal na kasulatan.

Kung may inatasan kang mga miyembro ng klase na tutulong sa iyo, ipalahad ang taglay nilang impormasyon tungkol sa plano ng kaligtasan. Ipaliwanag na ang talakayang ito ay tutuon sa sumusunod na mga tanong: Saan tayo nanggaling? Bakit tayo narito sa lupa? Saan tayo tutungo pagkatapos ng buhay na ito?




***Buhay Bago pa Isilang***

1. Tayo'y mga espiritung anak ng Diyos, na ating Ama sa Langit, at namuhay tayo sa piling Niya bago pumarito sa lupa (tingnan sa Mga Taga Roma 8:16–17).

2. Ang Ama sa Langit ay tumawag ng malaking pulong sa langit (tingnan sa Abraham 3:22–23). Inilahad niya ang plano para sa ating walang-hanggang pag-unlad at kaligayahan, na tinatawag na plano ng kaligtasan. Pinili nating sundin ang Kanyang plano.

3. Alinsunod sa plano, si Jesucristo, na Panganay na Anak ng Ama sa Langit, ay nagboluntaryong maging Tagapagligtas natin (tingnan sa Moises 4:2; Abraham 3:27).

4. Si Lucifer, na isa pang anak ng Diyos, ay naghimagsik laban sa plano ng Ama sa Langit at "naghangad na wasakin ang kalayaan ng tao." Itinaboy siya at ang kanyang mga tagasunod palabas ng langit at pinagkaitan ng pribilehiyong magkaroon ng katawang pisikal at maging mortal. Sa paglipas ng mga panahon, sinisikap ni Satanas, na siyang tawag ngayon kay Lucifer, na gawing miserableng tulad niya

ang buong sangkatauhan sa pagtukso sa kanila na maging masama (tingnan sa Moises 4:1, 3–4; 2 Nephi 2:17–18).

***Ang Pagkahulog***

1. Sina Adan at Eva ang napiling maging unang mga anak ng Ama sa Langit na paparito sa lupa at inilagay sila sa Halamanan ng Eden. Noong panahong iyon, ang mga katawan nila ay hindi mortal (tingnan sa Moises 3:7–8, 21–23).
2. Piniling kainin nina Adan at Eva ang prutas na ipinagbawal ng Diyos na kainin nila. Bunga nito, nawalay sila sa piling ng Diyos. Ang pagkawalay na ito ay tinatawag na kamatayang espirituwal. Naging mortal sila, na ibig sabihi'y mamamatay ang pisikal nilang mga katawan sa huli. Nagkaroon din sila ng mga anak. Ang pagbabago sa pagiging mortal ay tinatawag na Pagkahulog (tingnan sa 2 Nephi 2:19–25; D at T 29:40–41).

***Mortal na Buhay***

1. Lahat ng taong pumili noon sa buhay bago pa isilang na sundin ang plano ng Ama sa Langit ay nagkakaroon ng katawang pisikal sa pagsilang sa mundong ito. Sa ating mortal na buhay, sinusubok tayo para malaman kung handa tayong mabuhay sa pananampalataya at sundin ang mga utos ng Ama sa Langit habang wala tayo sa Kanyang piling (tingnan sa Alma 34:32; Abraham 3:24–26).
2. Sa mortalidad, malayang pumili ang bawat tao kung susundin niya ang Diyos o si Satanas (tingnan sa 2 Nephi 2:27).

***Kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli***

1. Kapag namatay tayo, papasok ang ating espiritu sa daigdig ng mga espiritu, at mananatili ang ating katawan sa lupa. Ang panahong ito ng paghihiwalay ay magpapatuloy hanggang sa tayo'y mabuhay na mag-uli. Ang espiritu ng mabubuti ay tatanggapin sa kalagayan ng kapayapaan at kaligayahan, na tinatawag na paraiso. Ang espiritu ng masasama ay ilalagay sa kalagayan ng kadiliman, na kung minsan ay tinatawag na bilangguan (tingnan sa Alma 40:9–14; tingnan din sa 1 Ni Pedro 3:19).
2. Ang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo ay nagbibigay-daan para madaig ng buong sangkatauhan ang kamatayang pisikal sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli. Ang ibig sabihin ng pagkabuhay na mag-uli ay magsasamang muli ang ating espiritu at perpektong katawan magpasawalang-hanggan (tingnan sa 1 Mga Taga Corinto 15:22; 2 Nephi 9:10–13; Alma 11:42–44).
3. Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay paraan din para mapatawad at malinis tayo sa ating kasalanan upang makapamuhay tayo sa piling

*"Naniniwala kami na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3).*

ng Diyos. Nagdusa ang Tagapagligtas sa Halamanan ng Getsemani at sa krus para sa mga kasalanan ng buong sangkatauhan. Dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala, makakapagsisi tayo sa ating mga kasalanan at makatatanggap ng kapatawaran. Sa pamumuhay natin ng ebanghelyo, magiging karapat-dapat tayong tanggapin ang kaloob na buhay na walang hanggan at magiging katulad Niya (tingnan sa Mosias 3:5–12).

***Mga Kaharian ng Kaluwalhatian***

Sa pagkabuhay na mag-uli, bawat tao ay itatalaga sa isang kaharian ng kaluwalhatian. Ang mabubuti ay magmamana ng higit na kagalakan at mga pagpapala kaysa sa hindi sumusunod sa mga utos ng Diyos (tingnan sa 1 Mga Taga Corinto 15:35, 40–42).

1. Ang kaluwalhatiang telestiyal ay para sa mga hindi tumatanggap sa ebanghelyo ni Jesucristo o sa patotoo ni Jesus o sa mga propeta ng Diyos, at makasalanan ang pamumuhay (tingnan sa D at T 76:81–88, 98–103).
2. Ang kaluwalhatiang terestriyal ay para sa mararangal na tao sa lupa na nalilinlang at para sa mga hindi magiting sa patotoo kay Jesucristo (tingnan sa D at T 76:71–79).
3. Ang kaluwalhatiang selestiyal ay nakalaan sa sumusunod sa mga kautusan at tumatanggap ng mga ordenansa, na nadadaig ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng pagsampalataya kay Jesucristo, at nagiging dalisay ang puso (tingnan sa D at T 76:50–70).

Pasagutan sa mga miyembro ng klase ang sumusunod na mga tanong:

- Ano ang natutuhan ninyo sa plano ng kaligtasan na hindi ninyo alam noon?
- Ano ang pakiramdam ninyo kapag naiisip ninyo ang papel ni Jesucristo sa dakilang planong ito?
- Paano natin maipakikita sa Ama sa Langit at kay Jesucristo na nagpapasalamat tayo sa Kanilang plano?


Para bigyang-diin ang malaking kahalagahan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas sa plano ng kaligtasan, isulat ang ikatlong saligan ng pananampalataya sa ilalim ng kinumpletong tsart tulad ng nakapakita.

### Katapusan

Bigyang-diin na binibigyan tayo ng templo ng kaalaman tungkol sa planong ito, kaalamang nagdudulot ng malalaking pagpapala sa ating buhay. Magpatotoo tungkol sa mga pagpapalang natanggap ninyo dahil nauunawaan ninyo ang plano ng kaligtasan at ipinamumuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo.

Maaari kayong magtapos sa pagpapalabas ng "Ang Paghahanap ng Tao ng Kaligayahan."

Anyayahan ang isang tao na magbigay ng pangwakas na panalangin.




*"Naniniwala kami na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3).*

# 2 Kailangan Tayong Maging Marapat na Pumasok sa Templo

*"Pinakamarubdob na hangad ng puso ko na maging marapat sa templo ang bawat miyembro ng Simbahan. Aasahan ko na bawat miyembrong nasa hustong gulang ay maging marapat sa—at magtaglay ng—balidong rekomend sa templo" (Pangulong Howard W. Hunter).*

**LAYUNIN**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na kailangan silang maging marapat na pumasok sa templo.

**PAGHAHANDA**

1. Bago pa ituro ang araling ito, anyayahan ang bishop o branch president na magbigay ng impormasyon tungkol sa proseso ng pagkuha ng rekomend sa templo. Ang mungkahing materyal sa paglalahad na ito ay nasa mga pahina 11–13 sa bahaging "Ang Proseso ng Pagkuha ng Rekomend sa Templo ay Isang Pagpapala." Kung wala ang bishop, maaari ninyo itong ipalahad sa isa niyang tagapayo.
2. Isulat ang sumusunod na sipi sa pisara o sa poster: "Inaanyayahan ko ang lahat ng miyembro ng Simbahan na mamuhay nang may higit na pagtutuon sa buhay at halimbawa ng Panginoong Jesucristo" (Pangulong Howard W. Hunter, sa Conference Report, Okt. 1994, 7; o *Ensign*, Nob. 1994, 8).

**PAGLALAHAD NG ARALIN**

Anyayahan ang isang tao na magbigay ng pambungad na panalangin.

Itanong sa mga miyembro ng klase kung may mga tanong sila. Magukol ng oras na sagutin ang mga tanong sa abot-kaya ninyo at ayon sa patnubay ng Espiritu ng Panginoon. Tandaan na hindi dapat talakayin sa labas ng templo ang ilang aspeto ng gawain sa templo.

Ipaliwanag na dapat ipakita ng mga pumapasok sa templo ang pananampalataya nila sa Ama sa Langit at kay Jesucristo sa pamamagitan ng pamumuhay ng ebanghelyo at pagsunod sa mga kautusan. Kailangan nilang mamuhay nang malinis, magbayad ng buong ikapu, sumunod sa Word of Wisdom, panatilihing banal ang araw ng Sabbath, at magsikap mamuhay nang matwid sa lahat ng paraan. Kailangan din silang mainterbyu ng bishop o branch president at ng stake o mission president at mapatunayang marapat na tumanggap ng rekomend sa templo. Rerebyuhin sa araling ito ang ilan sa mga alituntunin at kautusan ng ebanghelyo na kailangang ipamuhay ng mga miyembro ng klase para maging marapat na dumalo sa templo.

### KALINISANG MORAL

Ipaliwanag na paulit-ulit na itinuro ng Panginoon at ng Kanyang mga propeta ang malaking kahalagahan ng kalinisang moral. Itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Naniniwala kami sa kalinisang-puri bago ang kasal at sa buong katapatan matapos ang kasal. Iyan ang buod nito. Iyan ang daan tungo sa kaligayahan sa buhay. Iyan ang daan tungo sa kasiyahan. Nagdudulot ito ng kapayapaan sa puso at sa tahanan" (sa Conference Report, Okt. 1996, 68; o *Ensign*, Nob. 1996, 49).

Sama-sama ninyong basahin ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

Doktrina at mga Tipan 42:22–24 (Inutusan tayo ng Panginoon na mahalin ang ating asawa at huwag nang humanap ng iba; inutusan Niya tayong huwag makiapid.)

Doktrina at mga Tipan 121:45 (Inutusan tayo ng Panginoon na "puspusin ng kabanalan ang [ating] mga iniisip nang walang humpay.")

I Kay Timoteo 4:12 (Dapat tayong maging mga halimbawa ng kadalisayan.)

1 Nephi 10:21 (Walang maruming bagay na makapananahanang kasama ng Diyos.)

Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13 (Naniniwala tayo sa pagiging malinis at marangal.)

• Bakit masyadong binibigyang-diin ng Panginoon ang kalinisang moral?

• Ano ang ilang bunga ng imoralidad na nakikita natin sa mundong nakapaligid sa atin? Ano ang ilan sa mga pagpapalang dulot ng pamumuhay nang marangal?

Ituon ang pansin ng mga miyembro ng klase sa siping isinulat ninyo sa pisara o poster (tingnan sa bahaging "Paghahanda" sa araling ito).

• Paano makatutulong ang payong ito sa atin at sa ating mga anak upang mapaglabanan ang mga tukso ng kamunduhan at mamuhay nang marangal?

### IKAPU

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 119:4.

Tukuyin na ibinigay ng Unang Panguluhan ang sumusunod na paliwanag tungkol sa angkop na ikapu: "Ang pinakasimpleng pahayag na alam namin ay sinabi ng Panginoon mismo, na dapat magbayad ang mga miyembro ng Simbahan ng 'ikasampung bahagi ng lahat ng kanilang tinutubo taun-taon,' na ibig sabihin ay kita" (liham ng Unang

Panguluhan, 19 Mar. 1970). Ang pondo ng ikapu ay ginagamit sa pagtatayo ng mga meetinghouse at mga templo, pagtustos sa gawaing misyonero, at pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa lupa.

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong James E. Faust:

"Ang ikapu ay alituntuning napakahalaga sa personal na kaligayahan at kapakanan ng mga miyembro ng Simbahan sa buong daigdig, kapwa mayaman at mahirap. Ang ikapu ay alituntunin ng sakripisyo at susi na magbubukas sa mga dungawan ng langit. . . . "Hindi nawawala ang pagiging kasapi ng mga miyembro ng Simbahan na hindi nagbabayad ng ikapu; tanging mga pagpapala lamang ang nawawala sa kanila" (sa Conference Report, Okt. 1998, 73–74; o *Ensign*, Nob. 1998, 58–59).

Rebyuhin sa mga miyembro ng klase ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

Levitico 27:30 (Ang ikapu ay sa Panginoon; ito ay banal sa Panginoon.)

Malakias 3:8–11 (Ninanakawan natin ang Diyos kapag ayaw nating magbigay ng ating ikapu; sagana ang pagpapala ng Diyos sa mga nagbabayad ng ikapu.)

- Anong mga pagpapala ang natanggap ninyo sa pagbabayad ninyo ng ikapu?

- Bakit natin ninanakawan ang Diyos kapag ayaw nating magbigay ng ating ikapu? (Tingnan sa D at T 104:14.)

Ipaliwanag na taun-taon ang mga miyembro ay hinihilingang makipagkita sa kanilang bishop o branch president sa tithing settlement at sabihin sa kanya kung nagbabayad sila ng buong ikapu. Ang pakikipagkitang ito ay pagkakataon ng mga miyembro upang alamin kung gaano nila kahusay na natutupad ang mahalagang utos ng ito.

### Ang Word of Wisdom

Ipaliwanag na bago tayo makapasok sa templo, umaasa ang Panginoon na wala tayong ginagawang magpaparumi sa ating buhay at sisira sa ating kalusugan, kapwa sa espirituwal at sa pisikal.

Basahin ang mga bahagi o lahat ng sumusunod na mga banal na kasulatan:

I Mga Taga Corinto 3:16–17 (Ang ating mga katawan ay mga templo ng Diyos at hindi dapat dumihan.)

Doktrina at mga Tipan 89 (Ang paghahayag na ito ay kilala bilang Word of Wisdom. Tinatalakay sa mga talata 1–9 ang mga bagay na hindi natin dapat ipasok sa ating katawan; tinatalakay sa mga talata 10–17 ang mga bagay na makabubuti sa ating katawan; inilalarawan

sa mga talata 18–21 ang mga pangako ng Panginoon sa mga taong sumusunod sa Kanyang mga utos.)

• Anong mga bagay ngayon sa mundo ang umiimpluwensiya sa atin para labagin ang mga kautusang ibinigay sa atin sa Word of Wisdom?

• Paano natin matutulungan ang ating sarili at ating mga anak na sundin ang batas ng Panginoon ukol sa kalusugan?

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 29:34.

• Sa palagay ninyo, sa anong mga paraan tayo espirituwal at pisikal na mabibiyaan ng pagsunod sa Word of Wisdom?

• Ano ang ilang "ma[la]laking kayamanan ng kaalaman" (D at T 89:19) na maaari nating matanggap sa pagsunod sa mga kautusang ito?

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Boyd K. Packer:

"Ang natututuhan ninyo sa espirituwal ay nakasalalay, kahit paano, sa pagtrato ninyo sa inyong katawan. Iyan ang dahilan kung bakit napakahalaga ng Word of Wisdom.

"Ang nakakagawiang mga sangkap na ipinagbabawal sa paghahayag na iyon—tsaa, kape, alak, tabako—ay humahadlang sa sensitibong damdamin ng espirituwal na komunikasyon, tulad ng gagawin ng iba pang nakalululong na mga droga.

"Huwag ipagwalang-bahala ang Word of Wisdom, dahil baka kapalit nito ay 'ma[la]laking kayamanan ng kaalaman, maging mga natatagong kayamanan' na ipinangako sa mga sumusunod dito. At ang mabuting kalusugan ay dagdag na pagpapala" (sa Conference Report, Okt. 1994, 78; o *Ensign*, Nob. 1994, 61).

### Ang Araw ng Sabbath

Sama-samang basahin ang Exodo 20:8–11.

Ipaliwanag na lagi nang inuutusan ang mga tao ng Panginoon na panatilihing banal ang araw ng Sabbath. Nangako ang Panginoon ng malalaking pagpapala sa mga gumagawa nito.

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 59:9–13.

• Ano ang mga pangunahing dahilan na ibinigay ng Panginon sa pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath?

• Sa paanong mga paraan magagabayan ng Doktrina at mga Tipan 59:9–13 ang pagsunod natin sa araw ng Sabbath?

• Ano ang ilan sa mga pagpapalang ipinangako sa mga sumusunod nang wasto sa Sabbath?

Bilang bahagi ng talakayang ito, ibahagi ang sumusunod na mga alituntunin, na itinuro ni Elder James E. Faust:

"Bakit hiniling ng Diyos na igalang natin ang araw ng Sabbath? Palagay ko'y tatlo ang dahilan. Ang una'y may kinalaman sa pisikal na pangangailangang magpahinga at magpanibago. . . .

"Ang ikalawang dahilan, sa palagay ko, ay mas mahalaga kaysa rito. May kinalaman ito sa pangangailangan na magpanibagong sigla at mapalakas ang ating espirituwal na pagkatao. . . .

"Ang pangatlong dahilan marahil ang pinakamahalaga sa tatlo. May kinalaman ito sa pagsunod sa mga kautusan bilang pahiwatig ng pagmamahal natin sa Diyos. Mapalad ang mga taong hindi kailangan ng dahilan liban sa mahal nila ang Tagapagligtas para sundin ang kanyang mga kautusan" (sa Conference Report, Okt. 1991, 46–47; o *Ensign*, Nob. 1991, 35).

• Ano ang ilang mga pagpapalang dumating sa buhay ninyo dahil sa napanatili ninyong banal ang araw ng Sabbath?

Papangakuin ang mga miyembro ng klase na ipamumuhay nila ang mga kautusang tinalakay ngayon: kalinisang moral, ikapu, ang Word of Wisdom, at pagsunod sa araw ng Sabbath. Sa gayon ay lalo silang magiging handang dumalo sa templo at tatanggap ng mas maraming pagpapala sa Panginoon.

### Ang Proseso ng Pagkuha ng Rekomend sa Templo ay Isang Pagpapala

Ipaliwanag na bago makapunta sa templo ang mga miyembro, bawat isa sa kanila ay kailangang maging marapat na tumanggap ng rekomend sa templo. Tulad ng paliwanag sa sumusunod na pahayag, ang proseso sa pagkuha ng rekomend na ito ay magpapala sa buhay ng bawat tao:

*"Inaanyayahan ko . . . ang mga miyembro ng Simbahan na itatag ang templo ng Panginoon bilang dakilang simbolo ng kanilang pagiging miyembro at banal na lugar para sa kanilang pinakasagradong mga tipan" (Pangulong Howard W. Hunter).*

"Responsibilidad ng bishop ang pagtatanong tungkol sa personal na pagkamarapat natin. Ang interbyung ito ay napakahalaga sa inyo bilang miyembro ng Simbahan, sapagkat pagkakataon ito upang saliksikin ang takbo ng inyong buhay kasama ng isang inorden na tagapaglingkod ng Panginoon. Kung may anumang mali sa buhay ninyo, matutulungan kayo ng bishop na lutasin ito. Sa pamamagitan nito, habang sumasangguni kayo sa pangkalahatang hukom ng Israel, maipahahayag ninyo o matutulungan kayong patunayan ang inyong pagkamarapat na pumasok sa templo sa pahintulot ng Panginoon" (*Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo* (36793 893, 3).

Ipaliwanag na ang bishop o branch president at ang stake o mission president ang nag-iinterbyu sa lahat ng humihiling ng rekomend sa

templo sa unang pagkakataon at sa mga nagpaplanong makasal sa templo. Maaaring interbyuhin ng mga tagapayo sa bishopric at ng panguluhan ng stake ang mga humihiling na mapanibago ang kanilang rekomend sa templo.

Sa oras na ito, ipalahad sa bishop o branch president o sa isa sa mga tagapayo sa bishopric ang tungkol sa mga rekomend sa templo. Hindi niya dapat basahin ang aktuwal na mga tanong sa interbyu sa isang grupo, ngunit maaari niyang ilahad ang mga ideya tungkol sa maaasahan ng mga miyembro ng klase kapag ininterbyu sila para sa rekomend sa templo. Ang sumusunod na mga pahayag ay magagamit bilang gabay:

Ang mga miyembrong humihiling ng rekomend sa templo ay dapat na may patotoo sa Ama sa Langit, sa Panginoong Jesucristo, at sa Espiritu Santo. Dapat nilang sang-ayunan ang propeta ng Panginoon, ang iba pang mga General Authority, at ang mga pinuno ng Simbahan sa kanilang lugar. Hindi sila dapat makisimpatiya o maugnay sa mga grupo o taong tumalikod sa Simbahan o nagtuturo o gumagawa ng taliwas sa ebanghelyo.

Ang mga humihiling ng rekomend ay dapat palaging dumadalo sa mga sakrament miting, miting ng priesthood, at iba pang mga pulong sa Simbahan. Dapat ay tapat nilang ginagampanan ang mga tungkuling ibinigay sa kanila sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood. Dapat ay nagsisikap silang sundin ang lahat ng kautusan ng Panginoon, pati na ang pagbabayad ng buong ikapu, pagiging tapat sa salita at gawa, at pag-iwas sa paggamit ng tsaa, kape, alak, tabako, at iba pang nakakagawian at nakapipinsalang mga sangkap.

Dapat ay namumuhay sila nang dalisay at matwid at sumusunod sa batas ng Panginoon ukol sa kalinisang-puri, na nagbabawal sa relasyong seksuwal sa kahit kanino maliban sa asawang legal na kasal sa kanila. Dapat ay umaayon sila sa mga alituntunin ng ebanghelyo kapwa sa espirituwal at pisikal na pakikipag-ugnayan sa ibang miyembro ng kanilang pamilya. Hindi sila dapat masangkot sa anumang espirituwal, pisikal, mental, o emosyonal na pang-aabuso sa iba.

Dapat ay handa silang ipagtapat ang kanilang mga kasalanan at talikuran ang mga ito. Ang mabibigat na kasalanan, tulad ng mga moral na paglabag, pang-aabuso sa mga miyembro ng pamilya, pagkakaroon ng kaugnayan sa mga tumalikod na grupo o mga gawain, o mabigat na paglabag sa mga batas ng lupain, ay kailangang ipagtapat nang maaga sa bishop o branch president bago idaos ang interbyu para sa rekomend sa templo. Kung ang budhi ng isang tao, na siyang Liwanag ni Cristo na ibinigay sa lahat ng tao, ay magbibigay-alinlangan sa isipan ng taong iyon kung dapat talakayin ang isang bagay sa bishop o branch president, malamang ay dapat itong talakayin.

Ang mga diborsyado ay maaaring mangailangan ng pahintulot ng bishop o branch president at ng stake o mission president bago makakuha ng rekomend sa templo. Kailangang sundin nila palagi ang mga kasunduan sa diborsyo, pati na ang pagbibigay ng suporta sa oras.

Ang mga miyembrong humihiling ng rekomend sa templo ay kailangang interbyuhin ng miyembro ng panguluhan ng stake o ng mission president matapos interbyuhin ng isang miyembro ng bishopric o ng branch president. Maaaring magtaka ang ilan kung bakit kailangan ito. Kapag humihiling tayo ng rekomend sa templo, humihiling talaga tayo ng pahintulot sa Panginoon na makapasok sa templo. Pagkakataon ito para patunayan natin sa harap ng dalawang saksi na awtorisadong mga lingkod ng Panginoon na tayo'y karapat-dapat. Isang pagpapala ang mapatunayan natin sa mga lingkod ng Panginoon na karapat-dapat tayong pumasok sa banal na templo.

### Katapusan

Upang bigyang-diin ang kahalagahan ng pagiging karapat-dapat sa pagdalo sa templo at palagiang pagdadala ng balidong rekomend sa templo, rebyuhin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Howard W. Hunter:

"Inaanyayahan ko . . . ang mga miyembro ng Simbahan na itayo ang templo ng Panginoon bilang dakilang simbolo ng kanilang pagiging miyembro at banal na lugar para sa pinakasagrado nilang mga tipan. Pinakamarubdob na hangad ng puso ko na maging marapat sa templo ang bawat miyembro ng Simbahan. Aasahan ko na bawat miyembrong nasa hustong gulang ay magiging marapat sa—at magtataglay ng—balidong rekomend sa templo, kahit na hindi ito maaaring agad o madalas na magamit dahil sa layo ng templo" (sinipi sa "President Howard W. Hunter," ni Jay M. Todd, *Ensign*, Hulyo 1994, 5).

Patotohanan ang mga pagpapalang dumating sa inyo sa pamumuhay ninyo nang marapat para makadalo sa templo.

Anyayahan ang isang tao na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# 3 Ang Gawain sa Templo ay Naghahatid ng mga Dakilang Pagpapala sa Ating Buhay

*"At hinihiling namin, Banal na Ama, na ang inyong mga tagapaglingkod ay makahayo mula sa bahay na ito na sakbit ang inyong kapangyarihan, at nang ang inyong pangalan ay mapasakanila, at ang inyong kaluwalhatian ay bumalot sa kanila" (D at T 109:22).*

**LAYUNIN**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan na ang mga dumadalo sa templo nang karapat-dapat ay tatanggap ng maraming pagpapala mula sa Panginoon.

**PAGHAHANDA**

1. Rebyuhing mabuti ang mga banal na kasulatan na ginamit sa araling ito upang maging handa kayong ipatalakay sa klase ang mga ito.
2. Maaari kayong maghandang ipaawit sa mga miyembro ng klase ang isang himno tungkol sa gawain sa templo, tulad ng "We Love Thy House, O God" (*Hymns*, blg. 247), o tungkol sa likas na kawalang-hanggan ng katotohahan, tulad ng "Sabihin, Ano ang Katotohanan?" (*Mga Himno*, blg. 173).
3. Kung may makukuhang *Family Home Evening Video Supplement 2* (53277 893), maaari mong ipalabas ang "Ang mga Templo ay para sa mga Walang-Hanggang Tipan," isang anim-na-minutong yugto.

**PAGLALAHAD NG ARALIN**

Anyayahan ang isang tao na magbigay ng pambungad na panalangin.

Itanong sa mga miyembro ng klase kung may mga tanong sila. Magukol ng oras para sagutin ang mga tanong sa abot-kaya ninyo at ayon sa patnubay ng Espiritu ng Panginoon. Tandaan na hindi dapat talakayin sa labas ng templo ang ilang aspeto ng gawain sa templo.

### Ang Gawain sa Templo ay Umiral na Noon pang Unang Panahon

Makapagsisimula kayo sa pamamagitan ng sama-samang pag-awit ng isang himno tungkol sa gawain sa templo o tungkol sa likas na kawalang-hanggan ng katotohanan.

Ipaliwanag na laging inuutusan ng Panginoon ang Kanyang mga tao na magtayo ng mga templo. Inihayag Niya ang mga dapat gawin sa loob ng mga templo.

• Anong mga templo o tabernakulo ang binanggit sa mga banal na kasulatan?

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na rebyuhin ang mga indese sa mga banal na kasulatan para makita ang mga sanggunian ukol sa mga templo at tabernakulo. Maililista ninyo sa pisara ang mga sagot ng mga miyembro ng klase. Maipaparerebyu rin ninyo sa mga miyembro ang sumusunod na mga banal na kasulatan:

Tabernakulo ni Moises: Exodo 40:1–2, 34–38

Templo ni Salomon: II Mga Cronica 3:1–2; 5:1

Templo ni Herodes: Mateo 21:12–15

Mga Templo ng mga Nephita: 2 Nephi 5:16; Mosias 1:18; 3 Nephi 11:1

Ipaliwanag na dahil sa pagtalikod sa katotohanan, sa huli'y nawala ang tunay na layunin ng lahat ng templong ito at nangawasak ang mga ito. Ipinanumbalik sa ating panahon ang kaganapan ng gawain sa templo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, na naghatid ng mga dakilang pagpapala sa ating buhay.

Sinabi ni Elder Bruce R. McConkie: "Ang inspiradong pagtatayo at wastong paggamit ng mga templo ay isa sa pinakamalaking katibayan ng kabanalan ng gawain ng Panginoon. . . . Sa lugar na mayroong templo, kung saan ang espiritu ng paghahayag ay nasasa mga taong nangangasiwa roon, ay doon matatagpuan ang mga tao ng Panginoon; sa mga lugar na wala nito, ay wala rin ang Simbahan at kaharian at katotohanan ng langit" (*Mormon Doctrine*, ika-2 ed. [1966], 781).

#### Ang mga Dumadalo sa Templo nang Karapat-dapat ay Pinangakuan ng mga Dakilang Pagpapala

Ang templo, o bahay ng Panginoon, ang lugar na pinupuntahan natin upang mapaghandaan ang kadakilaan sa kahariang selestiyal. Doo'y natututo pa tayo tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Nakikipagtipan tayo sa Kanila at nangangako Sila sa atin ng magagandang pagpapala.

Sa Doktrina at mga Tipan, inilarawan ng Panginoon ang ilan sa mga pagpapalang dumarating sa mga dumadalo sa templo at namumuhay nang marapat sa mga tipan na ginawa roon. Ang ilan sa mga pagpapalang ito ay inilarawan sa bahagi 109, sa panalangin sa dedikasyon ng Kirtland Temple. Ang mga salita sa panalanging ito ay ibinigay kay Joseph Smith sa paghahayag.

Sinabi ni Pangulong Howard W. Hunter na ang panalanging ito ay "patuloy na sinasagot sa bawat isa sa atin, sa ating mga pamilya, at sa ating lahat dahil sa kapangyarihan ng priesthood na bigay sa atin ng Panginoon para gamitin sa Kanyang mga banal na templo" ("The Great Symbol of Our Membership," *Ensign*, Okt. 1994, 4).

Pagkatapos ay binanggit ni Pangulong Hunter ang ilan sa mga talata mula sa bahagi 109. Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang mga talatang ito: Doktrina at mga Tipan 109:10–12, 22–23, 59, 67, 72, 75. Ipahanap sa kanila ang mga pagpapalang binanggit ng Panginoon.

Matapos magbasa, ipalista sa mga miyembro ng klase ang mga pagpapalang natukoy nila. Isulat ang mga puna sa pisara. Maaaring kabilang ang mga sumusunod sa mga pagpapalang nabanggit:

1. Mapapasa mga tao ng Panginoon ang Kanyang kaluwalhatian.
2. Lilisanin ng mga lingkod ng Panginoon ang templo na taglay ang kapangyarihan, pangalan, at kaluwalhatian ng Panginoon, at pangangalagaan sila ng mga anghel.
3. Dadalhin ng mga lingkod ng Panginoon ang katotohanan ng ebanghelyo mula sa templo hanggang sa dulo ng mundo.
4. Magtatayo ng mga stake para matipon ang mga tao ng Panginoon.
5. Masusumpungan ng lahat ng nakalat na tao ni Israel ang katotohanan at magagalak.
6. Aalalahanin ng Panginoon ang mga pamilya ng mga Banal at lahat ng kanilang maysakit at nagdurusa.
7. Pupunuin ng kaharian ng Panginoon ang buong mundo.
8. Papaitaas sa alapaap ang mga lingkod ng Panginoon balang-araw para salubungin Siya at makakapiling Siya magpakailanman.

*"Oo, ako ay paroroon [sa bahay ko], dahil ako ay papasok doon, at lahat ng may dalisay na puso na papasok dito ay makikita ang Diyos" (D at T 97:16).*

• Ano ang nadarama ninyo kapag iniisip ninyo ang magagandang pagpapalang ito na ipinangako sa mga dumadalo sa templo nang karapat-dapat at gumagalang sa kanilang mga tipan?

Sinabi ni Pangulong Howard W. Hunter: "May nabigyan na ba ng gayon kasigla at kagandang mga pangako! Kaya pala nais ng Panginoon na tumuon ang Kanyang mga tagasunod sa Kanyang halimbawa at sa Kanyang mga templo" (*Ensign*, Okt. 1994, 5).

Gumawa rin ang Panginoon ng mga pangakong may kaugnayan sa mga templo sa Doktrina at mga Tipan 97. Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 97:15–21.

• Ano ang itinuturo sa mga talata 15–17 tungkol sa kailangang gawin ng mga tao ng Panginoon upang maging karapat-dapat sa mga pagpapala ng Panginoon sa Kanyang mga templo? (Maging dalisay ang puso at huwag hayaang makapasok sa templo ang anumang maruming bagay.)

Ipaliwanag na yaong mga dalisay ang puso ay tinatawag na Sion. Itinuturo sa mga talata 15–21 na makatutulong tayo sa pagtatayo ng

Sion sa pamamagitan ng pagdalo sa templo nang karapat-dapat at pagsisikap na maging dalisay ang puso at walang-bahid ng kasamaan.

• Anong mga pagpapala ang ipinangako sa mga talatang ito sa mga taong marapat na tawaging Sion?

Ipaliwanag na isang lungsod na tinatawag na Sion ang umiral noong unang panahon. Ang lungsod na ito ay itinayo ng propetang si Enoc at ng kanyang mga tao. Tinangay ito sa langit dahil sa kabutihan ng mga tao nito (tingnan sa D at T 38:4; Moises 7:18–21, 69).

Iiral din ang Sion sa mga huling araw. Sa ikasampung saligan ng pananampalataya, ipinangako ng Panginoon na isang lungsod na tinatawag na Sion ang itatayo sa kontinente ng Amerika. Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang saligang ito ng pananampalataya. Ipaliwanag na ang nakalat na mga tao ni Israel ay magtitipon sa dakilang lungsod na ito (tingnan sa D at T 103:11–13).

Ngayon, pinapayuhan ang mga miyembro ng Simbahan na maging marapat na dumalo sa banal na templo at itayo ang Sion saanmang dako ng mundo sila naroroon. Dapat nating gawing tulad ng mga templo ang ating tahanan—mga lugar ng kadalisayan, pagmamahalan, at personal na paghahayag.

• Ano ang maaari nating gawin para mas mapadalisay ang ating puso?

• Sa anong mga paraan pinahihirap ng mundo kung minsan ang pananatiling dalisay ng puso?

• Sa anong mga paraan ninyo matutulungang mapadalisay ang puso ng inyong pamilya, branch, o ward?

Ipaliwanag na ang mga gumagawa at tumutupad ng mga tipan sa templo at habambuhay na nagsisikap na mapadalisay ang puso ang siyang makatutulong sa pagtatayo ng Sion.

### Katapusan

Magpatotoo na ang mga dumadalo sa templo nang karapat-dapat ay tatanggap ng mga dakilang pagpapala sa Panginoon, pati na ang pagpapala ng pagiging mga tao ng Sion. Kailangan nating gawin ang lahat para maging marapat sa mga pagpapalang ito at mapadalisay ang puso.

Maaari mong ipalabas ang video na "Ang mga Templo ay para sa mga Walang-Hanggang Tipan."

Anyayahan ang isang tao na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# 4

# Pagtanggap ng mga Ordenansa at Tipan sa Templo

*“At kung wala ang mga ordenansa nito, at ang kapangyarihan ng pagkasaserdote, ang kapangyarihan ng kabanalan ay hindi makikita ng mga tao sa laman” (D at T 84:21).*

**LAYUNIN**

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang kahalagahan ng mga ordenansa at tipan sa templo.

**PAGHAHANDA**

1. Kung may makukuha sa inyong lugar, maaari mong ipalabas ang video na *Together Forever* (53411). Ang pagtatanghal ay tatagal ng mga 27 minuto.
2. Maaari mong ihanda ang mga miyembro ng klase sa pag-awit ng “Kabanalang Lalo, Aking Kahilingan” (*Mga Himno*, blg. 80).

**PAGLALAHAD NG ARALIN**

Anyayahan ang isang tao na magbigay ng pambungad na panalangin.

Itanong sa mga miyembro ng klase kung may mga tanong sila. Magukol ng oras para sagutin ang mga tanong sa abot-kaya ninyo at ayon sa patnubay ng Espiritu ng Panginoon. Tandaan na hindi dapat talakayin sa labas ng templo ang ilang aspeto ng gawain sa templo.

### Sa Templo ay Tumatanggap Tayo ng mga Ordenansa at Nakikipagtipan

Ipaliwanag na sa templo ay tumatanggap tayo ng mga ordenansang makatutulong sa atin upang makabalik sa piling ng Diyos. Nakikipagtipan din tayo na susundin ang mga batas ng ebanghelyo. Ang sumusunod na materyal ay magbibigay ng impormasyon tungkol sa mga ordenansa at tipan sa pangkalahatan, lalo na sa mga ordenansa at tipan sa templo.

***Mga Ordenansa***

Ipaliwanag na ang ordenansa ay sagradong seremonya na may espirituwal na kahulugan at epekto.

Ipabanggit sa mga miyembro ng klase ang ilang ordenansa sa Simbahan. (Maaari nilang banggitin ang pagpapangalan at pagbabasbas sa mga sanggol, binyag, kumpirmasyon, ang sakrament, ordenasyon sa priesthood, at mga ordenansa sa templo.)

Ipaliwanag na ang mga ordenansang isinasagawa sa kapangyarihan ng priesthood ay mahalaga sa ating kadakilaan. Sa pamamagitan ng mga ordenansang ito natin natatanggap ang kapangyarihan ng Diyos sa ating buhay.

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 84:19–21.

• Ano ang kailangan upang mamalas sa ating buhay ang kapangyarihan ng kabanalan? (Ang mga ordenansa ng Melchizedek Priesthood. Ang "nakatataas na pagkasaserdote" na binanggit sa mga talatang ito ay ang Melchizedek Priesthood.)

*"Nakikipagtipan tayo na ibibigay ang ating panahon at salapi at talino—ang ating kabuuan at lahat ng ating pag-aari—sa kapakanan ng kaharian ng Diyos sa lupa" (Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo, 38).*

Ipabuklat sa mga miyembro ng klase ang pahina 32 sa *Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo*. Ipabasa nang malakas sa isang miyembro ng klase ang sumusunod na pahayag:

"Gaano kahalaga ang mga ordenansa sa atin bilang mga miyembro ng Simbahan?

"Liligaya ka ba, matutubos ka ba, mapapadakila ka ba kung wala ang mga iyon? Sagot: Ang mga ito ay higit pa sa maipapayo o mapagnanais, o kailangan. Higit pa sa makabuluhan o mahalaga. Ang mga ito ay *napakahalaga* para sa bawat isa sa atin."

***Mga Tipan***

Bigyang-diin na ang tipan ay sagradong kasunduan sa pagitan ng Diyos at ng tao o grupo ng mga tao. Nagtatakda ng mga kundisyon ang Diyos, at nangangakong pagpapalain tayo sa pagsunod sa mga kundisyong ito. Kapag pinili nating huwag sundin ang mga tipan, hindi tayo tatanggap ng mga pagpapala, at may mga pagkakataong pinarurusahan tayo bunga ng ating pagsuway. Ang nakapagliligtas na mga ordenansa ng priesthood ay laging may kaakibat na mga tipan.

• Ano na ang nagawa ninyong mga tipan sa Panginoon sa inyong buhay sa ngayon? (Maaaring banggitin ng mga miyembro ng klase ang tipan sa binyag, na pinaninibago tuwing makikibahagi tayo ng sakrament.)

• Ano ang mga tipan na ginagawa natin kapag binibinyagan tayo? (Tingnan sa Mosias 18:8–10; D at T 20:37.)

Bigyang-diin na kapag nakikipagtipan tayo sa Diyos, ipinakikita natin ang hangarin nating paglingkuran Siya at kahandaan nating sundin ang lahat ng ipagagawa sa atin. Bilang ganti, nangako ang Diyos sa atin ng maraming magagandang pagpapala. Kailangan nating makipagtipan at tuparin ang mga ito para umunlad tungo sa buhay na walang hanggan.

### *Mga Ordenansa at Tipan sa Templo*

Ipaliwanag na kabilang sa mga ordenansa sa templo ang endowment at mga pagbubuklod (kasal sa templo at pagbubuklod ng mga magulang sa mga anak) kapwa para sa buhay at sa patay. Ang ordenansa ng binyag para sa patay ay isinasagawa sa mga templo, tulad ng iba pang mga ordenansa ng priesthood. Sa mga ordenansa sa templo, taimtim tayong nakikipagtipan na ibibigay ang ating sarili sa Diyos at tutulong sa pagtatayo ng Kanyang kaharian sa lupa.

Ganito ang sabi ni Elder James E. Talmage tungkol sa mga tipan na ginagawa natin sa endowment:

"May mga partikular na obligasyon ang tao sa mga ordenansa ng endowment, tulad ng tipan at pangakong susundin ang batas ng lubos na kabutihan at kalinisang-puri, na magiging mapagkawanggawa, mapagbigay, mapagparaya at dalisay; na iuukol kapwa ang talino at kabuhayan sa pagpapalaganap ng katotohanan at pagpapaunlad ng lahi; na mananatiling tapat sa layunin ng katotohanan; at sisikapin sa lahat ng paraan na makapag-ambag sa malaking paghahanda ng daigdig sa pagtanggap sa kanyang Hari—ang Panginoong Jesucristo. Sa bawat pakikipagtipan at pag-ako sa bawat obligasyon ay may pangakong pagpapala, batay sa tapat na pagtupad sa mga kasunduan" (*The House of the Lord*, binagong edisyon [1976], 84).

Maaari mong rebyuhin ang kababanggit na mga tipan sa pagsulat sa mga ito sa pisara. Bigyang-diin na nakikipagtipan tayo na magiging mabuti at malinis, at nakikipagtipan din tayo na ibibigay ang lahat ng mayroon tayo sa pagtatayo ng kaharian ng Panginoon. Basahin ang sumusunod na pahayag:

"Tayo ay mga pinagtipanang tao. Nakikipagtipan tayo na ibibigay ang ating panahon at salapi at talino—ang ating kabuuan at lahat ng ating pag-aari—sa kapakanan ng kaharian ng Diyos sa lupa" (*Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo*, 38).

- Sa anong mga paraan natin maibibigay ang "kabuuan natin at lahat ng ating pag-aari" sa kaharian ng Diyos?

- Ano kung minsan ang humahadlang sa mga miyembro sa pagbibigay ng lahat ng mayroon sila sa kaharian ng Panginoon?

Maaari kayong magpatotoo tungkol sa mga pagpapalang dumating sa buhay ninyo sa paggawa ng mga tipan sa templo at pagtupad sa mga ito. O maaari kayong magpabahagi ng patotoo sa isa pang taong naendow na.

### Kailangan Tayong Maging Tapat sa mga Tipan na Ginagawa Natin sa Templo

Ipaliwanag na sinabi ng Panginoon, "Sa sinumang binigyan ng marami ay marami ang hihingin sa kaniya" (Lucas 12:48).

- Sa palagay ninyo, paano naaangkop ang talatang ito sa mga tipan na ginagawa natin sa templo?

Ipaliwanag na ibinigay ng Panginoon ang mga ordenansa at tipan sa templo para maunawaan ng Kanyang mga anak ang layunin ng buhay na ito at makapaghanda sa maluwalhating oportunidad ng buhay na walang hanggan. Sa pagtanggap natin sa mga pagpapalang ito, nagiging pananagutan natin ang mamuhay nang marapat sa pinag-ibayong kaalaman at mga pagkakataon natin. Bigyang-diin na kailangan tayong maging tapat sa mga tipan na ginawa sa templo.

- Bakit napakahalaga na maging tapat tayo sa mga tipan na ginagawa natin sa templo?

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 82:10.

Sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith: "Sinasabi ko sa inyo na *ang Panginoon ay hindi nakatali, maliban kung susundin ninyo ang tipan*. Kailanma'y hindi sumisira ang Panginoon sa kanyang tipan. Kapag nakipagtipan siya sa isa sa atin, hindi niya ito sisirain. Kung masisira man ito, tayo ang sisira nito. Ngunit kapag nasira ito, wala siyang obligasyong ipagkaloob sa atin ang pagpapala, at hindi natin ito matatanggap" (*Doctrines of Salvation*, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954–56], 2:256–57).

*"Ako, ang Panginoon, ay nakatali kapag ginawa ninyo ang aking sinabi; subalit kapag hindi ninyo ginawa ang aking sinabi, kayo ay walang pangako" (D at T 82:10).*

### Ang Katapatan sa Ating mga Tipan ay Magdudulot ng Kapayapaan at Kaligtasan

Ipaliwanag na ang templo ay lugar ng kapayapaan at kanlungan sa magulong daigdig. Kapag lagi tayong dumadalo sa templo at tapat sa ating mga tipan, makakatagpo tayo ng kapayapaan, kaligtasan, at direksyon sa ating buhay.

Sinabi ni Elder Neal A. Maxwell, "Kung tutuparin natin ang ating mga tipan, pananatilihin tayong espirituwal na ligtas ng mga ito" (sa Conference Report, Abr. 1987, 87; o *Ensign*, Mayo 1987, 71).

- Sa paanong paraan nakatulong ang mga tipan na nagawa na ninyo upang mapanatili kayong espirituwal na ligtas?

Tukuyin na sa templo ay nakikipagtipan tayo na mamumuhay nang marapat para makabalik sa piling ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Kung minsan, sa gitna ng mga pang-araw-araw nating pakikibaka, maaari tayong magtaka kung posible ang gayong pamumuhay.

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang 1 Nephi 17:3, 13.

• Ano ang itinuturo ng mga banal na kasulatang ito tungkol sa kung paano tayo tutulungan ng Panginoon sa pagsisikap nating makabalik sa Kanya? Paano ninyo nakitang natupad ang mga banal na kasulatang ito sa inyong buhay?

Sinabi ni Elder Boyd K. Packer: "Kapag nagpunta kayo sa templo at tumanggap ng inyong endowment, at lumuhod sa altar at nabuklod, maaari kayong mamuhay nang ordinaryo at maging ordinaryong kaluluwa—nakikibaka laban sa tukso, nabibigo at nagsisisi, at nabibigong muli at nagsisisi, ngunit laging determinadong tuparin ang inyong mga tipan. . . . At darating ang araw na tatanggapin ninyo ang pagpapala: 'Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay; pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon' (Mateo 25:21)" (*Let Not Your Heart Be Troubled* [1991], 257).

Inanyayahan tayo ni Pangulong Howard W. Hunter na dalasan ang pagpunta sa templo "para sa personal na pagpapala ng pagsamba sa templo, para sa kabanalan at kaligtasang inilalaan sa loob ng pinabanal at itinalagang mga dingding nito. Ang templo ay lugar ng kagandahan, ng paghahayag, ng kapayapaan. Ito ang bahay ng Panginoon. Ito'y banal sa Panginoon. Dapat itong maging banal sa atin" (sinipi sa "President Howard W. Hunter," ni Jay M. Todd, *Ensign*, Hulyo 1994, 5).

### Katapusan

Hilingin sa mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang damdamin tungkol sa mga pagpapala ng pagtanggap ng mga ordenansa sa templo at pakikipagtipan sa Ama sa Langit.

Kung may oras pa at may makukuhang video na *Together Forever* sa inyong lugar, maaari mong ipalabas ang pagtatanghal na ito.

Maaari mong ipaawit sa mga miyembro ng klase ang "Kabanalang Lalo, Aking Kahilingan" (*Mga Himno*, blg. 80). Magbigay ng patotoo tungkol sa mga pagpapalang dulot ng pagtanggap ng mga ordenansa sa templo at sa pribilehiyong makipagtipan sa Ama sa Langit.

Anyayahan ang isang tao na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# 5

# Pagkatuto mula sa Panginoon sa Pamamagitan ng mga Simbolo

*“Magbibigay ako sa mga anak ng tao ng taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin, kaunti rito at kaunti roon; at pinagpala ang mga yaong nakikinig sa aking mga tuntunin” (2 Nephi 28:30).*

### LAYUNIN

Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan at pahalagahan ang paggamit ng mga simbolo sa templo.

### PAGHAHANDA

1. Magdala ng bandila ng inyong bansa o larawan nito.
2. Ipabuod sa isang miyembro ng klase ang kuwento kung paano sinagot ng isa sa mga Kapatid ang tanong tungkol sa mga garment sa templo. Ang kuwento ay matatagpuan sa pahina 23 at 24 ng *Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo*.

Paalaala sa guro: Ang mga ordenansa at tipan sa templo ay sagrado, at ang pagtalakay dito ay sa loob lamang ng templo maaaring gawin. Kung gayon, dapat ilimita ang talakayan sa klase sa mga paliwanag na ibinigay sa manwal na ito.


### PAGLALAHAD NG ARALIN

Anyayahan ang isang tao na magbigay ng pambungad na panalangin.

Itanong sa mga miyembro ng klase kung may mga tanong sila. Magukol ng oras para saguting ang mga tanong sa abot-kaya ninyo at ayon sa patnubay ng Espiritu ng Panginoon. Tandaan na hindi dapat talakayin sa labas ng templo ang ilang aspeto ng gawain sa templo.

#### Ang mga Simbolo ay Mahalaga sa Ating Pang-araw-araw na Buhay

Ipaliwanag na ang mga simbolo ay laging ginagamit sa ating pang-araw-araw na buhay. Idrowing sa pisara ang sumusunod o iba pang angkop na mga simbolo. Ipalarawan sa mga miyembro ng klase ang kahulugan ng bawat simbolo.



Ipakita sa klase ang bandila ng inyong bansa o larawan nito at ipalarawan ang kahulugan nito sa kanila.

• Ano ang ilang bagay o hakbang na nagpapakita ng pagiging makabayan? (Isang awitin, uniporme, damit, pista opisyal, o pagdiriwang.)

Tukuyin na ito ang mga simbolong nagpapahiwatig ng o kumakatawan sa pagkamakabayan.

• Ano ang ilang simbolo ng pagmamahal at paggalang? (Isang regalo o singsing, halik o yakap, isang bagay na hugis-puso.)

• Iisa lang ba ang hatid na mensahe ng mga simbolo sa lahat ng tao? Bakit oo o hindi?

• Bakit tayo gumagamit ng mga simbolo?

Hayaang magtalakayan ang mga miyembro ng klase. Maaari silang magmungkahi ng mga ideyang tulad ng sumusunod:

1. Matutulungan tayo ng mga simbolo na maalaala ang mahahalagang bagay.
2. Maituturo sa atin ng mga simbolo ang mahirap unawaing mga katotohanan na maaaring mahirap matutuhan sa ibang paraan.
3. Maaaring kumatawan sa damdamin ang mga simbolo.
4. Makapagtuturo ng iba't ibang alituntunin ang mga simbolo batay sa kahandaan nating matuto.

Ipaliwanag na kapag inuulit ang mga simbolo, mas natututuhan nating unawain ang mga ito.

### Si Jesucristo at ang Kanyang mga Propeta ay Gumamit ng mga Simbolo

Ipaliwanag na paulit-ulit na gumamit ng mga simbolo ang tagapagligtas noong nagtuturo Siya.

• Sa anong mga pagkakataon nagturo ang Panginoon na gamit ang mga simbolo?

Maaaring banggitin ng mga miyembro ng klase ang mga bagay tulad ng nawawalang tupa (tingnan sa Mateo 18:12–14); binhi ng mustasa (tingnan sa Mateo 13:31–32); o mahalagang perlas (tingnan sa Mateo 13:45–46).

• Sa palagay ninyo, bakit gumamit ng mga simbolo ang Tagapagligtas sa pagtuturo Niya?

Hayaang magtalakayan ang mga miyembro ng klase. Pagkatapos ay rebyuhin ang sumusunod na pahayag:

"Ang Panginoon Mismo, ang Dalubhasang Guro, sa Kanyang sariling pagtuturo sa Kanyang mga disipulo ay malimit magturo sa pamamagitan ng mga talinghaga, isang paraan ng pagsasalita na nagsisimbolo

sa mga bagay na kung di isasalaysay nang gayon ay magiging mahirap unawain. Nagsalita Siya tungkol sa mga karaniwang karanasang hinango sa buhay ng Kanyang mga disipulo, at nagkuwento Siya tungkol sa mga inahin at sisiw, mga ibon, bulaklak, lobo, puno, magnanakaw, mandarambong, paglubog ng araw, mayayaman at mahihirap. . . . Nagsalita Siya tungkol sa binhi ng mustasa, tungkol sa perlas. Nais Niyang turuan ang Kanyang mga tagapakinig, kaya nagsalita Siya tungkol sa mga simpleng bagay sa masimbolong paraan. Walang mahiwaga o malabo sa mga bagay na ito, at lahat ng mga ito ay masimbolo" (*Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo*, 10).

Ipaliwanag na madalas gumamit ng mga simbolo ang mga propeta at apostol sa pagtuturo tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang batayan ng ebanghelyo at ng lahat ng pagpapalang natatanggap natin. Ginawa nitong posible ang kaligtasan. Kung gayon, karamihan sa mga simbolo sa mga banal na kasulatan ay nagtuturo sa atin tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang sakripisyo.

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Moises 6:63.

• Anong mga bagay sa lupa ang nagpapatotoo sa Tagapagligtas?

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Alma 13:16.

• Sa anong mga paraan nagpapatotoo sa Tagapagligtas ang mga ordenansa ng priesthood?

Banggitin na bago isinagawa ng Tagapagligtas ang Pagbabayad-sala, nag-alay ng mga hayop ang Kanyang mga pinagtipanang tao bilang simbolo ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo (tingnan sa Moises 5:4–8). Ang kagawiang iyon ay nagwakas sa kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas. Ngayo'y inuutusan tayo ng Panginoon na "[mag-alay] kayo bilang pinaka-hain sa akin ng isang bagbag na puso at nagsisising espiritu" (3 Nephi 9:20). At patuloy tayong tinutulungan ng mga ordenansa ng priesthood na alalahanin ang nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas. Itinuro ni Elder Russell M. Nelson:

"Ang mahahalagang ordenansa ng ebanghelyo ay simbolo ng Pagbabayad-sala. Ang binyag sa pamamagitan ng paglulubog ay simbolo ng kamatayan, libing, at Pagkabuhay na Mag-uli ng Manunubos. Ang pakikibahagi ng sakrament ay nagpapanibago ng mga tipan sa binyag at nagpapagunita rin sa atin ng nasirang laman ng Tagapagligtas at ng Kanyang dugong natigis para sa atin. Ang mga ordenansa sa templo ay simbolo ng ating pakikipagkasundo sa Panginoon at nagbubuklod sa mga pamilya sa habampanahon" (sa Conference Report, Okt. 1996, 47; o *Ensign*, Nob. 1996, 35).

### Itinuturo sa Atin ng mga Simbolo ang Katotohanan Kung Sensitibo Tayo sa Espirituwal na Bagay

Ipaliwanag na nang mabuhay sa lupa ang Tagapagligtas, tinanong Siya ng Kanyang mga disipulo kung bakit Siya nagtuturo sa pamamagitan ng mga talinghaga. Ang mga talinghaga ay mga kuwentong nagtuturo ng mahahalagang katotohanan, na kadalasa'y gumagamit ng simbolikong wika. Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Mateo 13:10–12 para malaman kung ano ang sinabi ng Tagapagligtas.

• Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng Tagapagligtas nang sabihin Niya ito?

Ipaliwanag na inihahayag ng Panginoon ang katotohanan sa mga taong espirituwal na handa para maunawaan ito. Ang mga tumatanggap ng katotohanan nang may pananampalataya at pagsunod ay patuloy na tatanggap ng dagdag na katotohanan. Unti-unting nawawala ang katotohanan sa mga taong hindi espirituwal na handa at bigong tanggapin ang katotohanan o tinanggap ito nang may alinlangan sa puso.

Ang mga kuwentong may mga simbolo ay naglalahad ng katotohanan sa paraang nauunawaan ng mga taong espirituwal na handa ang kahulugan ng mga simbolo. Ang mga hindi handa ay hindi nakauunawa sa kahulugan.

Noong kapanahunan ng Tagapagligtas ay naunawaan ng ilang tao ang mga mensahe ng Kanyang mga talinghaga, ngunit marami ang hindi. Ganito pa rin ngayon. Iba-iba ang antas ng espirituwal na pag-unawa ng mabubuting miyembro ng Simbahan.

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang 2 Nephi 28:30 at Doktrina at mga Tipan 42:49–50.

• Ano ang itinuturo sa mga banal na kasulatang ito tungkol sa kung paano natin natututuhan ang katotohanang mula sa Diyos?

Ipaliwanag na posibleng umunlad tayong lahat sa espirituwal sa antas na mauunawaan natin ang kahulugan ng mga simbolong ginamit sa ebanghelyo, sa mga banal na kasulatan, at lalo na sa templo.

### Ang Pinakasagrado at Simbolikong mga Turo ay Natatanggap sa Templo

Ipaliwanag na karamihan sa pinakasagrado at simbolikong mga turo sa daigdig ay natatanggap sa templo. Sa simbolikong paraan, iniaangat tayo ng mga turo at ritwal ng templo tungo sa buhay na walang hanggan, na nagwawakas sa simbolikong pagpasok sa piling ng Diyos. Ang mga tauhang inilarawan, ang pisikal na kapaligiran, ang damit na suot, ang mga palatandaang bigay, at lahat ng pangyayaring sinakop sa templo ay simboliko. Kapag naunawaan ang mga ito,

matutulungan nito ang bawat tao na makilala ang katotohanan at uunlad sa espirituwal.

*"Lahat ng bagay ay may kani-kanyang kahalintulad, at ang lahat ng bagay ay nilalang at nilikha upang magpatotoo sa akin, kapwa mga bagay na temporal, at mga bagay na espirituwal" (Moises 6:63).*

Madaling unawain ang ilan sa mga simbolo, at madaling mawari ang kahulugan. Ang templo mismo ay isang simbolo:

"Kung nakakita na kayo ng isang templo sa gabi, na naiilawan nang husto, alam ninyo kung gaano iyon kagandang pagmasdan. Ang bahay ng Panginoon, na nagliliwanag, na kitang-kita sa dilim, ay nagiging simbolo ng kapangyarihan at inspirasyon ng ebanghelyo ni Jesucristo na tumatayo bilang tanglaw sa isang mundong lalong nalulubog sa espirituwal na kadiliman" (*Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo*, 10).

Simboliko rin ang damit sa templo. Kapag pumapasok tayo sa templo, pinapalitan natin ang kasuotang panlansangan ng puting damit na pantemplo, na simbolo ng kadalisayan. Sinabi ni Pangulong James E. Faust:

"Pangunahin sa pagsamba sa templo ang prinsipyong 'hindi nagtatangi ang Dios ng mga tao.' [Mga Gawa 10:34.] Sa loob ng mga banal na dingding ng mga templo, walang kinikilalang posisyon, yaman, katayuan sa buhay, lahi, o pinag-aralan. Lahat ay nakasuot ng puting damit. Iisang tagubilin ang tinatanggap ng lahat. Iisang tipan at mga pangako ang ginagawa ng lahat. Iisang di-pangkaraniwan at walang-hanggang pagpapala ang tinatanggap ng lahat kung namumuhay sila nang karapat-dapat para angkinin ang mga iyon. Lahat ay pantay-pantay sa harapan ng kanilang Lumikha" (sa Conference Report, Abr. 1997, 23; o *Ensign*, Mayo 1997, 20).

Ipaliwanag na ang mga miyembrong tumatanggap ng mga ordenansa sa templo at nakikipagtipan sa Diyos ay nagsusuot ng espesyal na mga kasuotan (panloob) habang sila'y nabubuhay. Basahin ang sumusunod na pahayag:

"Ang garment ay kumakatawan sa mga sagradong tipan. Naghihikayat ito ng kahinhinan at nagiging kalasag at pananggalang sa nagsusuot. . . . Ang garment, na tumatakip sa katawan, ay nakikita at nahahawakang paalala ng [mga tipan na ginawa sa templo]. Para sa maraming miyembro ng Simbahan, ang garment ay naging pananggalang kapag ang nagsusuot ay nahaharap sa tukso. Bukod pa rito, ito'y simbolo ng ating taimtim na paggalang sa mga batas ng Diyos—kabilang na rito ang pamantayang moral" (*Paghahanda sa Pagpasok sa Templo*, 23, 24).

Hilingin sa inatasang miyembro ng klase na ibuod kung paano inilarawan ng isa sa mga Kapatid ang layunin ng garment sa templo (tingnan sa *Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo*, 23–24).

Ipaliwanag na halos lahat ng aspeto ng seremonya sa templo ay simboliko. Ibig sabihi'y dapat maghanda ang bawat tao na hangga't maaari'y maging espirituwal na sensitibo sa simbolikong katangian ng endowment sa templo.

• Ano ang makahahadlang sa tao na maging espirituwal na sensitibo sa templo?

Maaaring banggitin ng mga miyembro ng klase ang mga bagay na tulad ng sumusunod:

1. Ang isang tao ay maaaring hindi karapat-dapat. Ang isang taong hindi nagsisi nang taos at hindi naghanda para sa templo nang may pagpapakumbaba at panalangin ay matutuklasang walang kabuluhan ang mga simbolo at matatago ang kahulugan ng mga ito.
2. Ang isang tao ay maaaring kulang sa pananampalataya. Ang taong walang pananampalataya kay Jesucristo at sa seremonya sa templo ay maaaring hindi makatanggap ng inspirasyon mula sa Espiritu Santo na kailangan para maunawaan ang endowment sa templo.
3. Maaaring masyadong magtuon ng pansin ang isang tao sa panlabas na mga galaw sa mga seremonya kung kaya maaaring makaligtaan niya ang mabisang mga turong nakapaloob sa mga simbolo.

• Paano tayo makapaghahandang maging espirituwal na sensitibo sa templo?

### Katapusan

Banggitin na ang mga pupunta sa templo sa unang pagkakataon ay makaaasang matuto ng maraming bagong bagay at madarama ang kapangyarihan ng Espiritu ng Panginoon. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na espirituwal na ihanda ang kanilang sarili para sa karanasan nila sa templo. Ipaalala sa kanila na hindi lahat ng ilalahad ay mauunawaan sa minsanang pagdalaw. Dapat nilang dalasan ang pagbalik sa templo hangga't maaari para patuloy silang matuto at mapanibago ang kanilang espirituwal na damdamin.

Anyayahan ang isang tao na magbigay ng pangwakas na panalangin.

# 6 Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo

*"At yayamang ang aking mga tao ay magtatayo ng isang bahay sa akin sa pangalan ng Panginoon, at hindi pahihintulutan ang anumang marumíng bagay na pumasok dito, upang ito ay madungisan, ang aking kaluwalhatian ay mananatili rito" (D at T 97:15).*

**LAYUNIN**

Ihanda ang mga miyembro ng klase na makapasok sa templo nang karapat-dapat.

**PAGLALAHAD NG ARALIN**

Anyayahan ang isang tao na magbigay ng pambungad na panalangin.

Itanong sa mga miyembro ng klase kung may mga tanong sila. Magukol ng oras para sagutin ang mga tanong sa abot-kaya ninyo at ayon sa patnubay ng Espiritu ng Panginoon. Tandaan na hindi dapat talakayin sa labas ng templo ang ilang aspeto ng gawain sa templo.

### Bawat Tao ay Dapat Maghanda para sa Templo

Ipaliwanag na bawat tao ay may kani-kanyang pananagutang gumawa ng mga hakbang tungo sa ganap na mga pagpapala ng templo.

Maikling talakayin ang kasunod na limang ideya. Bawat isa ay naglalahad ng paraan para makapaghanda tayo sa pagpasok sa templo. Maaari ninyong ilista sa pisara ang bawat punto habang tinatalakay ito.

1. Bawat tao ay dapat maging marapat.

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 97:15–17.

• Ano ang itinuturo ng taludtod na ito tungkol sa kahalagahan ng pagiging marapat sa pagpasok sa templo?

Hiniling ni Pangulong Howard W. Hunter na pag-isipan natin ang "mga saloobin at mabubuting asal na itinuro sa atin ng Panginoon sa payong ibinigay Niya sa mga Banal sa Kirtland sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith habang naghahanda sila sa pagtatayo ng templo."

Ang payo na ito ay matatagpuan sa Doktrina at mga Tipan 88:119. Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang taludtod na ito.

Hilingin din sa mga miyembro ng klase na pag-isipan ang tanong ni Pangulong Hunter: "Ang mga saloobin at asal bang ito ang tunay na nais at hangad taglayin ng bawat isa sa atin?" ("The Great Symbol of Our Membership," *Ensign*, Okt. 1994, 2).

2. Ang bawat tao ay dapat maging mapagpakumbaba.

Bawat tao ay dapat pumasok sa templo nang may pagpapakumbaba, na naghahangad na maturuan mula sa kaitaasan.

• Bakit napakahalaga ng pagpapakumbaba habang naglilingkod at natututo tayo sa loob ng templo?

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 136:32–33.

• Ano ang itinuturo ng taludtod na ito tungkol sa kahalagahan ng pagpapakumbaba? Paano ninyo maiaangkop ang payong ito sa pagdalo sa templo sa unang pagkakataon?

3. Dapat maunawaan ng bawat tao na ang pagtanggap ng mga ordenansa at tipan sa templo ay mahalaga sa pagtatamo ng buhay na walang hanggan.

*"Isaayos ang inyong sarili; ihanda ang bawat kinakailangang bagay; at magtayo ng isang bahay, maging isang bahay ng panalanginan, isang bahay ng pag-aayuno, isang bahay ng pananampalataya, isang bahay ng pagkakatuto, isang bahay ng kaayusan, isang bahay ng Diyos" (D at T 88:119).*

Sinabi ni Pangulong Harold B. Lee: "Ang mga seremonya sa templo ay nilayon ng matalinong Ama sa Langit na naghayag nito sa mga huling araw na ito bilang gabay at proteksyon natin habambuhay, upang ikaw at ako ay hindi mabigo sa pagtatamo ng kadakilaan sa kahariang selestiyal kung saan naroroon ang Diyos at si Cristo" ("Enter a Holy Temple," *Improvement Era*, Hunyo 1967, 144).

Sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith: "Tinitiyak sa atin ng mga pagpapalang ito ang mahalagang perlas na handog sa atin ng Panginoon, sa pamamagitan ng ating katapatan, dahil *ito ang mga pinakadakilang pagpapalang matatanggap natin sa buhay na ito*. Napakainam maging miyembro ng Simbahan, ngunit hindi ninyo matatanggap ang kadakilaan hangga't hindi kayo gumagawa ng mga tipan sa bahay ng Panginoon at tumanggap ng mga susi at awtoridad na doo'y ipinagkakaloob at hindi maibibigay sa iba pang lugar sa daigdig ngayon" (*Doctrines of Salvation*, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954–56], 2:253).

4. Dapat maunawaan ng bawat tao ang kahalagahan ng pagsusuot ng garment sa templo.

Ipaliwanag na ang mga nakilahok na sa seremonya sa templo ay may pribilehiyong isuot ang garment ng banal na priesthood. Sa isang pahayag sa Simbahan, sinabi ng Unang Panguluhan:

"Ang mga miyembro ng Simbahan na nadamitan ng garment sa templo ay nakipagtipan na isusuot ito habambuhay. Ito'y nangangahulugan na isusuot ito bilang damit panloob kapwa sa araw at gabi. . . .

"Ang dapat na pangunahing prinsipyo ay ang isuot ang garment at hindi ang humanap ng mga pagkakataong hubarin ito. . . . Kapag kailangang hubarin ang garment, . . . dapat itong isuot na muli sa lalong madaling panahon.

"Ang mga prinsipyo ng kahinhinan at wastong pagtatakip ng katawan ay nakapahiwatig sa tipan at dapat maging batayan ng lahat ng gagamiting kasuotan. Isinusuot ng mga naendow na miyembro ng Simbahan ang garment bilang paalala sa mga sagradong pakikipagtipan nila sa Panginoon at bilang proteksyon din laban sa tukso at kasamaan. Ang paraan ng pagsusuot nito ay panlabas na pagpapahayag ng taos na pangakong susundin ang Tagapagligtas" (Liham ng Unang Panguluhan, 10 Okt. 1988).

5. Bawat tao ay dapat maging handa sa personal at sagradong pagsamba.

Sa loob ng templo, bago, habang, at matapos ang mga seremonya, ay may pagkakataon ang tao na magnilay-nilay at mas mapalapit sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Lahat ay may mga tanong na kailangang masagot, mga pasaning kailangang pagaanin, mga problemang kailangang lutasin. Marami ang nagpapahalaga sa templo bilang lugar para makalayo sa mundo at makipag-ugnayan sa Ama sa Langit. Marami ang nakahanap ng mga sagot, kapayapaan, at galak sa templo.

Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson: "Ang mga templo ay mga lugar ng personal na paghahayag. Kapag nahihirapan ako sa problema o nabibigatan, nagpupunta ako sa Bahay ng Panginoon taglay ang dalangin sa aking puso para sa mga kasagutan. Malinaw at maliwanag ang dating ng mga kasagutang ito" ("What I Hope You Will Teach Your Children about the Temple," *Ensign*, Ago. 1985, 8).

Ipaliwanag na sa templo ay maisusumite natin ang mga pangalan ng mga taong may espesyal na pangangailangan para mapagsama-sama ang pananampalataya at mga dasal ng mga dumadalo sa templo para sa kapakanan ng mga taong ito.

### Mga Espesyal na Paghahanda para sa Unang Pagdalaw sa Templo

Ang sumusunod na impormasyon ay makatutulong sa bawat tao na ihanda ang lahat ng kailangan para sa unang pagdalaw sa templo at tiyakin na nakapagpapasigla ang pagdalaw na ito. Talakayin sa mga miyembro ng klase ang impormasyong angkop sa kanilang mga kalagayan.

1. *Rekomend sa Templo.* Kumuha ng rekomend sa templo. Tiyakin na dala ninyo sa templo ang inyong rekomend, dahil ang mayroong balidong rekomend lang ang makakapasok. Habang namumuhay kayo nang karapat-dapat, papapasukin kayo sa alinmang templo ng Simbahan hangga't gusto ninyo sa loob ng susunod na dalawang taon dahil sa rekomend. Para makakuha ng panibagong rekomend sa templo, kailangan kayong mainterbyu ng miyembro ng inyong bishopric o ng branch president at ng isang miyembro ng panguluhan ng inyong stake o ng mission president.

2. *Pagpaplano at Pag-iiskedyul ng Pagdalaw*. Bago kayo pumunta sa templo para tumanggap ng endowment o ordenansa sa pagbubuklod, tumawag sa templo upang maitakda ang araw. Alamin kung kailan kayo kailangang makarating sa templo, gaano katagal ninyo dapat planuhing mamalagi, at ano ang dapat ninyong dalhin. Humingi ng tulong na maisalin ang wika kung kailangan.

3. *Mga Plano sa Paglalakbay*. Kung malayo ang tirahan ninyo sa templo, dapat ninyong isipin ang sumusunod:

   • Maagang isaayos ang sasakyan, tirahan, at kakainan. Baka makabuti sa inyo ang maglakbay nang grupo kung maaari.

   • Kung kinakailangan, ipapalit ang pera ninyo sa salaping gamit sa bansang kinaroroonan ng templo.

   • Magdala ng sapat na pondo para sa lahat ng gastos. Baka kailanganin ninyong bumili ng karagdagang mga garment, umarkila ng damit pantemplo, at magbayad ng tirahan at sasakyan. (Tandaan na walang pinaaarkilang damit ang maraming templo. Hinihikayat ng Unang Panguluhan ang lahat ng miyembro na bumili ng sarili nilang damit pantemplo.)

4. *Damit*. Planuhing manamit tulad ng dapat ninyong isuot sa mga pulong tuwing Linggo. Hindi dapat magsuot ng pantalon ang mga babae sa pagpunta sa templo.

5. *Mga Alalay*. Maaaring magsama ng alalay ang lahat ng pupunta sa templo sa unang pagkakataon. Maaaring isa itong kamag-anak o kaibigan na kapareho ang kasarian na nakapunta na sa templo, o maaaring umalalay ang isa mga temple worker. Ang mga temple worker ay magiliw na tutulong sa lahat ng oras.

6. *Gawaing Pagbubuklod*. Kung plano ninyong gumawa ng pagbubuklod para sa inyong mga ninunong patay na, dapat ninyong dalhin sa templo ang kinumpletong mga family group record. Kung kayong mag-asawa ay ibubuklod o magpapabuklod sa inyong mga anak, dapat ninyong dalhin ang inyong family group record. Kung kayo ay ikakasal, kailangan ninyong sundin ang lahat ng batas na sibil sa inyong lugar at dalhin ang balidong lisensya sa kasal. Basahing mabuti ang *Isang Gabay ng Kasapi sa Gawain ng Templo at Kasaysayan ng Mag-anak* (34697 893) para sa mas detalyadong impormasyon sa pagsasagawa ng mga ordenansa sa templo kapwa para sa mga buhay at patay. Maaari din ninyong kontakin ang temple recorder sa templong plano ninyong bisitahin.

7. *Pag-aalaga ng mga Bata*. Kung pupunta ang mga bata sa templo para makibahagi sa seremonya ng pagbubuklod, aalagaan sila sa sentro ng kabataan sa templo hanggang sa isama sila sa inyo sa silid-bukluran. Bibigyan ng puting kasuotan ang mga bata para sa

seremonya. Kapag nakumpleto na ang seremonya ng pagbubuklod, babalik sila sa sentro para hintayin kayo. Hindi aalagaan sa templo ang mga batang hindi kabilang sa pagbubuklod.

8. *Mga Garment sa Templo.* Kailangan kayong bumili ng isa o dalawang pares ng mga garment sa templo bago kayo pumasok sa templo. Huwag isuot ang mga ito bago kayo pumunta sa templo. Matapos tanggapin ang inyong endowment at kapag panatag na kayo at natukoy na ninyo ang tamang sukat at telang gusto ninyo, maaari na kayong bumili ng karagdagang pares ng mga garment. Gusto ng ilang tao na labhan ang unang pares ng kanilang mga garment upang matiyak na kasyang-kasya ang mga ito bago bumili ng iba pa. Ang mga garment sa templo ay gawa ng Simbahan at mabibili sa Church Distribution Services.

*"Ang mga seremonya sa templo ay nilikha ng isang matalinong Ama sa Langit . . . upang ikaw at ako ay hindi mabigo sa pagkakamit ng kadakilaan sa kahariang selestiyal" (Pangulong Harold B. Lee).*

9. *Kasuotang Pantemplo.* Hinihikayat ng Unang Panguluhan ang mga miyembro na bumili at gamitin ang sarili nilang kasuotang pantemplo. Sa ilang mga templo ay nakakaarkila ng kasuotang pantemplo sa murang halaga, ngunit mas makabubuting magkaroon at mag-ingat ng sariling kasuotang pantemplo ang mga miyembro. Ang bishop o branch president ang makapagsasabi kung saan mabibili ang kasuotang ito.

   Maaaring isuot ng mga kapatid na babae ang kanilang damit pangkasal sa kasal nila sa templo, ngunit kailangang puti ang damit, mahaba ang mga manggas, disente ang disenyo at tela, walang mahabang kapa, at walang magarbong palamuti.

### Katapusan

Ibahagi ang iyong patotoo sa kasagraduhan ng gawain sa templo. Ipahayag ang kaligayahan mo na makitang naghahanda ang mga miyembro ng klase sa pagpasok sa templo.

Anyayahan ang isang tao na magbigay ng pangwakas na panalangin.

Kasunod ng araling ito, ang mga miyembro ng klase at guro ay dapat magkasamang dumalo sa templo.

# 7 Patuloy na Pagtamasa ng mga Pagpapala sa Pagdalo sa Templo

*"Sapagkat masdan, tinanggap ko ang bahay na ito, at ang aking pangalan ay malalagay rito; at ipakikita ko ang aking sarili sa awa ng aking mga tao sa bahay na ito" (D at T 110:7).*

## LAYUNIN

Kumustahin ang mga unang pagdalaw ng mga miyembro ng klase sa templo at tulungan silang maghanda para masiyahan sila sa templo habambuhay.

## PAGHAHANDA

1. Maghandang gawing oras ng pagbabahagi ang araling ito. Nanaising isalaysay ng karamihan sa mga miyembro ng klase ang una nilang pagdalaw sa templo.
2. Atasan ang isang miyembro ng klase na maghandang basahin ang Doktrina at mga Tipan 110:1–10 at ibahagi ang kanyang damdamin tungkol dito.
3. Atasan ang isang miyembro ng klase na ibuod ang impormasyon tungkol kay Elijah sa *Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo*, mga pahina 26-27.
4. Maghandang sagutin ang mga tanong na maaaring lumitaw sa unang pagdalaw sa templo, ngunit huwag talakayin ang mga tanong o impormasyon na dapat lamang talakayin sa loob mismo ng templo. Kapag may ganitong mga tanong, hikayatin ang mga tao na magplano ng mga karagdagang pagbisita sa templo.

## PAGLALAHAD NG ARALIN

Anyayahan ang isang tao na magbigay ng pambungad na panalangin.

Itanong sa mga miyembro ng klase kung may mga tanong sila. Magukol ng oras para sagutin ang mga tanong sa abot-kaya ninyo at ayon sa patnubay ng Espiritu ng Panginoon. Tandaan na hindi dapat talakayin sa labas ng templo ang ilang aspeto ng gawain sa templo.

### Panatilihin ang Kagustuhang Maglingkod sa Templo

- Ano ang nadama ninyo noong nasa loob kayo ng templo?

Ipaliwanag na ang paglilingkod sa templo ay patuloy na magdudulot ng mga biyaya sa buhay ng mga taong madalas pumunta sa templo. Sabihin sa mga miyembro ng klase na habang sariwa pa sa isipan nila ang karanasan nila sa templo, maaari nilang isulat sa journal ang

damdamin nila tungkol dito. Ipaalala sa kanila na bagama't maitatala nila ang kanilang damdamin, hindi nila dapat isulat ang ilang detalye ng gawain sa templo, na hindi dapat talakayin sa labas ng templo.

• Ano ang magagawa ninyo para mapanatili ang kagustuhang maglingkod sa templo habambuhay?

Isulat sa pisara ang mga ideya ng mga miyembro ng klase. Maaari din ninyong ilahad ang sumusunod na mga ideya:

1. Pag-isipan ang karanasan sa templo bawat araw.

Ipaliwanag na mas maraming pagkakataon ang ilang tao na dumalaw sa templo kaysa iba. Ngunit sa sandaling makapunta tayo sa templo at madama roon ang Espiritu, dapat nating samantalahin ang pagkakataon bawat araw na pag-isipan ang mga seremonya sa templo at pagnilay-nilayin ang mga tipang ginawa natin. Sa gayo'y mahihikayat tayo bawat araw na mag-isip at kumilos sa mas matwid na paraan.

Hindi natin matatandaan ang lahat tungkol sa templo, ngunit dapat nating sikaping tandaan ang lahat ng maaari nating tandaan matapos ang bawat pagdalaw. Dapat din nating pag-aralan ang mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta tungkol sa templo. Ang ilan sa mga ito ay inilahad sa kursong ito.

Maaari mong ipabuod sa isang miyembro ng klase ang sumusunod na pangungusap, na matatagpuan sa pahina 11 ng *Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo:*

"Ang seremonya sa templo ay hindi ganap na mauunawaan sa unang karanasan. Bahagya lamang itong mauunawaan. Muli at muli at muling magbalik. Magbalik upang matuto. Ang mga bagay na bumagabag sa inyo o gumugulo sa inyong isipan o naging mahiwaga ay mababatid ninyo. . . .

"Kapag may pagkakataon kayong dumalo sa sesyon ng endowment sa templo o sumaksi sa isang pagbubuklod, pag-isipan ang mas malalim na kahulugan ng ipinamalas sa inyo. At sa mga araw na kasunod ng pagdalaw ninyo alalahanin ang mga bagay na ito; rebyuhin nang tahimik at may panalangin ang mga ito at matatagpuan ninyong lumalago ang kaalaman ninyo.

"Isa sa mga dakilang kahalagahan ng karanasan sa templo ay ang paglalahad ng malawakang pananaw ng mga layunin ng Diyos na nauugnay sa daigdig na ito. Sa sandaling nanggaling na tayo sa templo (at makababalik tayo at sasariwain ang ating mga alaala) ang mga kaganapan sa buhay ay umaakma sa plano ng kaligtasan. Makikita natin sa malawakan kung nasaan na tayo, at agad nating makikita kapag nalilihis tayo ng landas."

2. Tandaan na ang sentro ng lahat ng pagsamba sa templo ay ang Tagapagligtas na si Jesucristo.

Itinuturo ng mga banal na kasulatan na ang isang mahalagang dahilan ng pagtatayo ng mga templo ay para "ang Anak ng Tao ay magkaroon ng lugar na pagpapakitaan ng kanyang sarili sa kanyang mga tao" (D at T 109:5). Ang mga simbolo at ritwal ng templo ay tumutulong para maituon ang ating pansin sa Tagapagligtas.

Ipaliwanag na nagpakita ang Tagapagligtas sa Kirtland Temple. Nagpakita Siya kina Joseph Smith at Oliver Cowdery upang tanggapin ang templo bilang Kanyang bahay. Ang pagdalaw na ito ay nakatala sa Doktrina at mga Tipan 110:1–10. Ipabasa ang taludtod na ito sa inatasang miyembro ng klase at hingan siya ng komentaryo tungkol dito.

• Anong mga pagpapala ang ipinangako ng Tagapagligtas sa mga nagtatayo at dumadalo sa mga templo?

### Sa Loob ng Templo, ang mga Pamilya ay Sama-samang Ibinubuklod para sa Kawalang-hanggan

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Malakias 4:5–6.

Hilingin sa inatasang miyembro ng klase na ibuod ang impormasyon tungkol kay Elijah na matatagpuan sa *Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo*, mga pahina 26–27.

Ipaliwanag na bumalik na si Elijah at ipinanumbalik ang mga susi ng priesthood na nagbibigay-pahintulot sa mga pamilya na sama-samang mabuklod sa mga templo para sa kawalang-hanggan.

Iparebyu sa mga miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 110:13–16. Pagkatapos ay ipabasa sa isang miyembro ng klase ang sumusunod na pahayag, na matatagpuan sa pahina 31 sa *Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo:*

"Mula noong araw na iyon mismo, Abril 3, 1836, ang mga puso ng mga anak ay nagsimulang bumaling sa kanilang mga ama. Mula noon ang mga ordenansa ay hindi na pansamantala, kundi permanente. Nasa atin ang kapangyarihang magbuklod. Walang awtoridad na hihigit sa kahalagahan nito. Ang kapangyarihang iyon ang nagbibigay-kabuluhan at walang-hanggang pagkapermanente sa lahat ng ordenansang isinagawa nang may wastong awtoridad kapwa para sa buhay at sa patay."

Inilarawan ng Tagapagligtas ang kapangyarihan ng pagbubuklod nang kausapin Niya ang Kanyang Apostol na si Pedro, na nakatala sa Mateo 16:19. Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang talatang ito.

Ipaliwanag na ang mga susing ito mismo ang hawak ngayon ng propeta at Pangulo ng Simbahan. "Ang sagradong kapangyarihang iyon na magbuklod ay nasa Simbahan ngayon. Walang ibang pinagtutuunan ng higit na sagradong pagninilay-nilay ang mga nakababatid sa kahalagahan ng awtoridad na ito. Wala nang ibang mas mahigpit ang

pagkakahawak. Kakaunti lang ang mga lalaki sa mundo na nagtataglay ng kapangyarihang ito na magbuklod sa lupa sa anumang panahon—bawat templo ay may mga miyembrong lalaki na binigyan ng kapangyarihang magbuklod. Walang ibang mapagkukunan nito liban sa propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw o mula sa mga inatasan niyang magkaloob nito sa iba" (*Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo*, 27–28).

Ipaliwanag na kasama sa mga ordenansa sa pagbubuklod ang pagbubuklod ng mag-asawa sa isa't isa at pagbubuklod ng mga magulang sa mga anak. Kapag ibinubuklod ang mga magulang sa templo, ang mga magiging anak nila ay isisilang sa loob ng tipan ng pagbubuklod ng kanilang mga magulang. Hindi na sila kailangang ibuklod pa sa kanilang mga magulang.

- Sa palagay ninyo, paano makaaapekto sa pang-araw-araw na pagiisip at pagkilos ng isang pamilya ang sama-samang pagkakabuklod nila sa templo?

- Ano sa palagay ninyo ang mga pagpapalang darating sa isang pamilya dahil sa pagkakabuklod nila sa templo?

Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Mayroon bang lalaking tunay na nagmamahal sa babae, o babaeng tunay na nagmamahal sa lalaki, na hindi pinananalangin na ang kanilang ugnayan ay mangyari sanang magpatuloy pagkatapos ng kamatayan? Mayroon bang anak na inilibing ng mga magulang na hindi umasam sa katiyakan na ang kanilang minamahal ay makakasama nilang muli sa kabilang-buhay? Mayroon bang sinumang naniniwala sa buhay na walang hanggan na nag-aalinlangan na pagkakalooban ng Diyos sa langit ang Kanyang mga anak na lalaki at babae ng pinakamahalagang sangkap ng buhay, ang pagmamahal na pinakamahusay na naipahahayag sa mga ugnayan ng pamilya? Wala, dahil makatwiran lamang na ang ugnayan ng pamilya ay magpatuloy pagkatapos ng kamatayan. Inaasam ito ng puso ng tao, at ang Diyos sa langit ay nagpahayag ng paraan upang ito ay makamtan. Inilalaan ito ng mga sagradong ordenansa sa bahay ng Panginoon" ("Bakit Mayroong mga Templo?" *Mga Templo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw* [1988], 14).

### Ang mga Templo ay Nagbibigay sa Atin ng mga Pagkakataon na Paglingkuran ang mga Namatay

Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Obadias 1:21.

Ipinaliwanag ni Propetang Joseph Smith kung paano magiging mga tagapagligtas ang mga miyembro ng Simbahan sa Bundok ng Sion:

“Subalit paano magiging mga tagapagligtas [ang mga Banal] sa Bundok ng Sion? Sa pagtatayo ng kanilang mga templo, pagtatayo ng kanilang mga bautismuhan, at paghayo at pagtanggap sa lahat ng ordenansa, pagbibinyag, kumpirmasyon, paghuhugas, pagpapahid ng langis, ordenasyon at kapangyarihang magbuklod sa kanilang mga ulunan, alang-alang sa kanilang mga ninunong patay na, at tubusin sila upang makabangon sa unang pagkabuhay na mag-uli at dakilain sa mga trono ng kaluwalhatian kasama sila; at narito ang tanikalang nagbibigkis sa puso ng mga ama sa mga anak, at ng mga anak sa mga ama, na isinasakatuparan ang misyon ni Elijah” (*History of the Church*, 6:184).

*“Ang gawaing ito para sa iba na isinasagawa sa ating mga templo ay kailangang ipagpatuloy sa gayunding diwa ng di-makasariling katapatan at sakripisyo na makikita sa buhay ng Guro” (Pangulong Thomas S. Monson).*

Ipaliwanag na bilang bahagi ng Kanyang plano ng kaligtasan, naghanda ng paraan ang ating Ama sa Langit para matanggap ng mga namatay ang nakapagliligtas na mga ordenansa ng ebanghelyo na hindi nila natanggap noon. Ang mga tao sa daigdig ng mga espiritu ay may pagkakataong marinig ang ebanghelyo. Matatanggap nila ito roon, ngunit hindi nila matatanggap ang mga ordenansa ng ebanghelyo para sa kanilang sarili. Inutusan tayo ng Panginoon na isagawa ang mga ordenansang ito para sa kanila sa mga banal na templo. Dapat nating pagsikapang gawin ang kasaysayan ng ating pamilya para matanggap natin ang mga ordenansa alang-alang sa sarili nating mga ninuno.

Ang mga ordenansa para sa mga patay na isinasagawa sa templo ay kinabibilangan ng mga pagbibinyag, kumpirmasyon, ordenasyon sa priesthood, endowment, at pagbubuklod ng mga lalaki sa asawa at ng mga magulang sa mga anak.

Dapat nating dalasan ang pagbalik sa templo hangga’t maaari upang mapaglingkuran natin ang mga namatay sa pagsasagawa ng mga ordenansa para sa kanila. Pagpapalain natin ang buhay ng mga pinaglilingkuran natin at pati na ang sarili nating buhay. Ang impormasyon sa paggawa ng kasaysayan ng pamilya at pagsasagawa ng mga ordenansa para sa ating mga ninuno ay matatagpuan sa *Isang Gabay sa Kasapi sa Gawain sa Templo at Kasaysayan ng Mag-anak* (34697 893).

Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson:

“Ang pagpapahalaga para sa endowment sa templo at mga ordenansa ng pagbubuklod ay maglalapit sa mga miyembro ng ating mga pamilya sa isa’t isa at mapupukaw sa bawat miyembro ng pamilya ang hangaring ibahagi ang mga pagpapalang ito sa mga mahal natin sa buhay na pumanaw na. . . .

“Ang gawaing ito para sa iba na isinasagawa sa ating mga templo ay kailangang ipagpatuloy sa diwa pa rin ng di makasariling katapatan at sakripisyo na makikita sa buhay ng Guro. Kapag inaalaala natin Siya, nagiging mas madali para sa atin na gawin ang kani-kanyang

bahagi sa mahalagang gawaing ito. Tuwing mamasdan natin ang isa sa mga banal na bahay na ito, nawa ay maalaala natin ang walang-hanggang mga pagkakataon na matatagpuan sa loob, hindi lang para sa ating sarili, kundi para sa ating mga patay" (*Pathways to Perfection* [1973], 206–7).

### Katapusan

Bigyang-diin na ang pagdalo sa templo ay nagpapahintulot sa atin na mapaglingkuran ang iba at patuloy na magkaroon ng dagdag na kaalamang espirituwal. Ibahagi ang sumusunod na pahayag:

"Walang gawaing higit na nakapagsasanggalang sa Simbahang ito kaysa sa gawain ng templo at ang pagsasaliksik ng genealogy na sumusuporta rito. Walang ibang gawaing higit na makapipino sa espiritu. Walang gawaing nagbibigay sa atin ng higit na kapangyarihan. Walang ibang gawaing nangangailangan ng higit na pamantayan ng kabutihan. . . .

"Kung ating tatanggapin ang paghahayag hinggil sa gawaing ordenansa sa templo, kung makikipagtipan tayo nang walang pasubali o pagdadahilan, pangangalagaan tayo ng Panginoon. Tatanggap tayo ng inspirasyong sapat para sa mga hamon ng buhay. . . .

"Kaya halina sa templo—halina at angkinin ang inyong mga pagpapala. Ito ay isang sagradong gawain" (*Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo*, 40–41).

Tapusin ang aralin sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga patotoo. Hikayatin ang mga miyembro ng klase na dalasan ang pagbalik sa templo para maturuan sila ng Espiritu ng Panginoon.

Maaari mong banggitin na puwedeng makakuha ang mga miyembro ng klase ng video ng *Ang Bundok ng Panginoon* (53300 893) mula sa mga distribution center ng Simbahan at panoorin ito sa tahanan. Ang 73-minutong palabas na ito ay kuwento ng pagtatayo ng Salt Lake Temple.

Anyayahan ang isang tao na magbigay ng pangwakas na panalangin.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02368 54893 2
36854 893